

Ang Ideolohiyang Pag-atake (The Ideological Attack)



Isinulat ni:
Sheikh 'Abdul-Azeez bin 'Abdullah bin Baaz

Isinalin sa Wikang Tagalog ni:
Mohammad B. Mendoza



Ang Ideolohiyang Pag-atake (The Ideological Attack)

Isinulat ni:

Sheikh 'Abdul-Azeez bin 'Abdullah bin Baaz

Isinalin sa Wikang Tagalog ni:

Mohammad B. Mendoza

المكتب التعاون للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

Islamic Propagation Office in Rabwah

P.O.Box 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065

FAX: 4970126 - E-Mail: rabwah@islamhouse.com

<http://www.islamhouse.com>

Unang Limbag 1427 H., 2006 CE

Ang lahat o anumang bahagi nitong aklat ay maaaring gamitin sa anumang pamamaraang paglalahad hangga't ang nilalaman nito'y hindi inililihis sa tamang kahulugan at diwa nito.

Nais naming ipaabot ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pagpapalimbag ng aklat na ito. Nawa'y biyayaan sila ng Allah sa kanilang mga pagsisikap. Kung mayroon kayong pagtutuwid, puna o katanungan hinggil sa aklat na ito, mangyaring makipag-ugnayan lamang sa: www.islamhouse.com



1427 H

[5612]

Inilimbag ng:

The Islamic Propagation Office in Rabwah

Tel. 4454900 - 4916065

www.islamhouse.com

Ang
Ideolohiyang Pag-atake
(The Ideological Attack)

Isinulat ni:
Sheikh 'Adbul 'Azeez bin Baaz

Isinalin sa Wikang Tagalog ni:
Mohammad B. Mendoza

Mga Nilalaman

Mahalagang Paalaala	2
Ang Panimula ng Tagapagsalin sa Wikang Ingles	3
Ang Tungkol sa <i>Ummah</i> (Pamayanan)	3
Ang Hinaharap ay Para sa Islâm	5
Maikling Pananalita Tungkol sa Aklat	8
Ang Tungkol sa May Akda	9
Unang Panayam:	
Ang Tungkulin sa mga Panahon ng Kalamidad	15
Mga Bagay Hinggil sa mga Samahang Pang-Islâm	19
Ang Kinakailangang Paghahanda	27
Ikalawang Panayam:	
Mga Dahilan ng Ideolohiyang Pag-atake	34
Sino ang Pinagtutuunan ng Ganitong Uri ng Pag-atake?	35
Ang mga Pamamaraan ng Ganitong Uri ng Pag-atake	41

Mahalagang Paalaala

Sa panahon ng paglilimbag, ang may-akda ng aklat na ito na si Sheikh 'Abdul 'Azeez bin Baaz, isang pantas sa larangan ng Islâm, ay namatay noong umaga ng Huwebes, ika-27 ng buwan ng *Muharram*, 1420H (ika-13 ng buwan ng Mayo, 1999 CE) sa gulang na wâlumpu't siyam (89). Ang kanyang kamatayan ay isang malaking kawalan sa pamayanang Islâmiko.

Sanhi sa kawalan ng sapat na panahon at sa iba pang mga dahilan, napagpasyahang panatilihin ang maikling talambuhay ng may akda na nakasulat sa aklat na ito.

Ating hilingin mula sa Allâh sa pamamagitan ng Kanyang Magagandang Pangalan na ipagkaloob Niya ang Kanyang Habag at Kapatawaran sa huwarang Imam na si Sheikh 'Abdul 'Azeez bin 'Abdullah bin Baaz, at nawa'y Kanyang tanglawan ang kanyang libingan at ipagkaloob sa kanya ang *Al-Firdaws* (ang pinakamataas na Paraiso). Katiyakan, ang Allâh ang tanging nakaririnig at tanging tumutugon sa ating mga panalangin.

Ang Panimula ng Tagapagsalin sa Wikang Ingles

Katiyakan, ang lahat ng papuri ay para sa Allâh lamang, pinupuri natin. Siya, hinihingi natin ang Kanyang tulong at kapatawaran. Tayo ay nagpapakupkop sa Allâh mula sa kasamaan ng ating mga sarili at kasamaan ng ating mga gawa. Sinumang ginabayan ng Allâh sa Tamang Landas, walang sinuman ang makapagliligaw sa kanya, at sinumang hinayaang maligaw ng Allâh, walang sinumang makapaggagabay sa kanya. Ako ay sumasaksi na walang tunay na diyos na dapat sambahin maliban sa Allâh, ang Nag-iisang walang katambal. At ako ay sumasaksi na si Muhammad ﷺ ay Kanyang huling Alipin at Sugo.

Ang Tungkol sa *Ummah* (Pamayanan)

Sa simula pa lamang ng Islâm, ang mga di-mananampalataya ay walang humpay sa pagsasabwatan laban sa pinagpipitagang *Ummah* ng mga Muslim upang lasunin ang kanilang kaisipan tungo sa kawalan ng paniniwala, pagkaligaw at kawalan ng dangal. Sa ganitong mga paraan, ang mga kaaway ng Islâm ay patuloy na sinisira ang pag-uugali at paniniwala ng mga tagasunod nito. Hinahangad din nilang mawala ang Aklat ng Allâh at ang *Sunnah* ng Kanyang huling Sugo na si Propeta Muhammad ﷺ bilang pangunahing patnubay at batayan ng kanilang ipinatutupad na mga batas na matatagpuan sa iba't ibang lupaing Islâmiko. Sa mahigit na 1,400 na taon ng Islâm, ang mga di-mananampalataya ay unti-unting nagtagumpay sa ilang mga pakanang ito.

Sa katapusan ng unang dekada ng ika-15 Islâmikong siglo (1440-1441H – 1990-1991CE), nasaksihan ng buong mundo ang napakaraming pagbabago sa anyo ng kalakarang panlipunan at pampulitikal. Ang naturang pagbabago ay muling naghatid ng

kasamaan at pahirap sa mga Islâmikong Bansa. Sa pagbagsak ng pamunuang kumunista ng Russia na isang pangunahing pandaigdigang lakas, ang Islâm at ang mga Islâmikong lupain ang naging pangunahing puntirya ng *New World Order* – ang kasalukuyang nangungunang kultura. Sasalakayin nila ito at sasakupin sa anumang paraang pang-ekonomiya, pang-ideolohiya at hukbong sandatahan. Ang dulot nito ay simula ng ikalawa o panibagong Krusada! Dahil dito, ang mga Muslim sa kasalukuyan ay dumaranas ng matinding pag-atake mula sa kanilang mga kaaway mula sa mga Hudyo, mga Kristiyano, sa mga hindi naniniwala sa Diyos, ang mga sekyularista at iba pa. Maraming Islâmikong lupain ang sinakop ng iba't ibang uri ng di-paniniwala at pagkaligaw at sa buong Islâmikong lupain umiihip ang mapanirang hangin ng pagnanasa at katiwalian na hindi basta napapansin ng sinuman maliban lamang ng Allâh – ang Panginoon ng mga alipin. Suportado sila ng mga mala-demonyong balakin at walang-hanggang tulong na pananalapi. Ang mga pag-atakeng ito ay naglalayong sakupin at pamunuan ang mga bansang Islâmiko; hinahati ito, sinalakay ito sa pang-kultura at pang-moral na kaisipan at inililihis ang tunay na larawan ng wagas na Relihiyon. Samakatuwid, ang ilang mga pangunahing gawain sa panawagan ng Islâm (*Da'wah*) ay ang lipulin ang mga pag-atakeng ito at labanan o 'di kaya'y pigilan sa lahat ng pinahihintulutang paraan ng *Da'wah*¹ na maaaring gamitin.

O kayong mga mananampalataya! Huwag kayong magtalaga ng Bitanah (mga katiwala, tagapayo, tagapagtanggol, tagatulong, at kaibigan) sa iba maliban na kabilang sila sa inyo. Hindi sila (di-mananampalataya) nagpapabaya sa panirira sa inyo. Kanilang hinahangad ang anumang makapagbibigay-dusa sa inyo. Sa katunayan, namutawi sa

¹ *Bayaan wa Tawdeeh* (p.9-10). Sinabi ni Sheikh 'Abdul 'Azeez bin Baaz bilang bahagi ng kanyang pagtataguyod sa naturang aklat (p.15): "Bawa't salita ay nasa tamang kinalalagyan nito."

kanilang labi ang matinding pagkapoot sa inyo subali't higit na masahol ang inililihim ng kanilang dibdib. Tunay, Aming ginawang malinaw sa inyo ang Ayaat (mga Tanda) kung kayo nga ay nakauunawa. (Sûrah Al-'Imrân-3:118)

Ang Hinaharap ay Para sa Islâm

Sa kabila ng malungkot na pangyayaring ito at sa tindi ng pag-atake sa mga Muslim at sa Islâm, ang pinagpalang gawain sa *Da'wah* (paghahatid ng Mensahe ng Islâm) at pagpapanumbalik muli ng Islâm ay patuloy na lumalakas at umuunlad – at ang lahat ng papuri ay para sa Allâh lamang. Sa kabila ng kaakibat na paglakas nito, ang mga kaaway ng Islâm ay patuloy na nagsisikap upang pigilan ang muling pagpapanumbalik ng sigla nito. Kailangan nating pag-ukulan ng pansin at panahon ang mga bagay na ito. Ang nararapat sa bawa't Muslim sa kasalukuyan ay magtulungan sa isa't isa upang muling maging isang matatag na bisig laban sa mga kalaban at maitaboy ang anumang pag-atake laban sa kanila, sa kanilang paniniwala at sa kanilang mga lupain. Ang ating Panginoon – ang Kataas-taasan ay nagsabi:

At yaong mga di-mananampalataya ay magkakaanib sa isa't isa, at kung hindi ninyo gagawin ito, (magkakaanib sa isa't isa) magkakaroon ng pagsubok sa mundo at matinding katiwalian. (Sûrah Al-Anfâl-8:73)

...Magtulungan sa isa't isa sa kabutihan at kabanalan at huwag magtulungan sa isa't isa sa kasalanan at pagsuway. (Sûrah Al-Mâ'idah-5:2)

Sa pamamagitan ng pagtutulungan at wagas na pagpapayuhan na may kalakip na matapat na pagsisikap, mailalagay sa *Ummah* ang tuwid na pananampalataya at paggawa ng mabubuting

gawain – kaalinsabay nang pagsisikap at pagtitiis, maaaring makamantan ang inaasahang magandang bunga sa *Da'wah* at pagpapanumbalik ng Islâm. Kasama sa adhikain ng *Da'wah* sa muling pagbibigay-sigla sa Islâm ay ang panawagan sa mga Muslim na manatili at manumbalik sa Aklat ng Allâh at *Sunnah* na kung saan ang Matutuwid na Tagasunod ng pamayanang ito ay nagkasundo. Mahalaga para sa sinumang kabilang sa pagpapanumbalik na ito, na kapag may mga pagkakaiba o di-pagkakaunawaan ng opinyon sa pagitan ng bawa't Muslim na kadalasang hindi maiwasan, nararapat lamang na panghawakan ang tamang katuruan hinggil sa pagkakaiba-iba (*aadaabul-khilaaf*) at tinitiyak na ang *Da'wah* ay hindi napapabayaang dahil lamang sa mga mumunting usapin na bagama't maaaring may kahalagahan sa Islâm ay hindi kabilang ang mga ito sa mga unang dapat pagtuunan ng pansin. Ang mga usaping hindi gaanong mahalaga ay maaaring maging daan upang lalo pang maging mahina ang *Ummah*, maaaring pumigil at magpatigil sa *Da'wah*, at maging hadlang sa pagdating ng tulong at tagumpay na ipinangako ng Allâh sa mga Muslim. Ang Allâh – ang Kataas-taasan ay nagbigay ng katiyakan na ang hinaharap ay ang Islâm:

Ang Allâh ay nangako sa mga nanampalataya sa inyo at gumagawa ng mabuti, na katiyakang Kanyang ipagkakaloob sa kanila ang pamumuno (khilaafah) sa mundo, katulad ng Kanyang ipinagkaloob sa mga nauna sa kanila; at Kanyang ipagkakaloob sa kanila ang karapatang ipamuhay ang kanilang Relihiyon na Kanyang pinili para sa kanila. At katiyakang Kanyang ipapalit ang katiwasayan sa kanila pagkaraan ng kanilang takot kung sila ay sasamba lamang sa Akin at hindi sila magtatambal ng anumang bagay sa Akin.
(Sûrah An-Nûr-24:55)

Nais nilang alisin ang Liwanag ng Allâh sa kanilang mga bibig, subali't gagawing ganap ng Allâh ang Kanyang Liwanag, kamuhian man ito ng mga di-nananampalataya. Siya ang nagpadala ng Kanyang Sugo na may dalang patnubay at relihiyon ng katotohanan upang ito ay mangibabaw sa lahat ng relihiyon, kamuhian man ito ng mga di-nananampalataya. (Sûrah As-Saff-61:8-9)

Ang Sugo ﷻ ng Allâh ay nagsabi:

"Katotohanan, tinipon ng Allâh ang mundo para sa akin, upang aking makita ang bahagi ng silangan at kanluran, katotohanan, ang pamamahala sa aking *Ummah* ay makararating sa bawa't bahaging tinipon para sa akin."²

Siya ﷻ ay muling nagsabi:

"Ang kaganapang ito ay mangyayari anumang abutin nito sa gabi at araw. At ang Allâh ay hindi mag-iiwan ng tahanang gawa sa bato, o kaya'y sa balahibo, malibang Kanyang gagawing pumasok ang Relihiyon dito na magdadala ng karangalan o kahihyan, karangalan na ipinagkakaloob ng Allâh sa Islâm o kahihyan na ibinibigay ng Allâh sa di-paniniwala."³

At siya ﷻ ay muling nagsabi:

"Bigyan ng mabuting balita ang marangal na pamayanang ito sa kanilang pagkakatatag sa lupa, tulong at tagumpay at ang pangngibabaw ng Relihiyon. Sinumang gumawa ng

² Iniulat ni Muslim (bilang 2889) at ni Abu Dawood (bilang 4252) mula sa *Thawbaan - Radiallahu 'anhu*.

³ Iniulat ni Ahmad (4/103). Ang *Hadith* na nito ay mapananaligan na pinagtibay ng isang pantas sa *Hadith* na si 'Abdul-Ghaneer Al-Maqdisee sa aklat na *Dhikrul-Islâm* (1/166).

isang bagay para sa Kabilang Buhay na may makamundong layunin ay walang anumang kabahagi sa Kabilang Buhay.”⁴

Maikling Pananalita Tungkol sa Aklat

Ang aklat na matutunghayan ng mga butihing mambabasa ay naglalarawan ng tunay na anyo ng Ideolohiyang Pag-atake. Ito ay tumatalakay sa tunay na dahilan, layunin at pamantayan ng isang pag-atake. Binigyang-diin din dito ang mga pamamaraang ginamit ng mga kaaway ng Islâm upang makamit ang kanilang layunin.

Ang aktuwal na batayan ng aklat na ito ay ang dalawang magkahiwalay na talakayan. Ang unang pagpupulong ay tumalakay sa pinakaugat at dahilan ng kahinaan ng *Ummah* at ang ating mga tungkulin bilang mga Muslim sa pamayanang Islâmiko. Ang pangalawang pag-uusap ay may kaugnayan sa Ideolohiyang Pag-atake laban sa mga pamayanang Islâmiko. Nagdagdag ako ng pamagat sa bawa't sanaysay, nagtukoy ng mga *Hadith* at nagdagdag ng mga talababa (*footnote*) na inaasahan kong makatutulong sa mga mambabasa. At ang lahat ng papuri ay para sa Allâh lamang na sa pamamagitan ng Kanyang Habag, ang lahat ng mabubuting gawain ay nagkakaroon ng kaganapan.

Bagaman ang mga pag-uusap na ito ay naganap mahigit isang dekada na ang nakararaan, ang kaugnayan nito sa ating kasalukuyang kalagayan ay nananatiling angkop at napapanahon. Simula pa nang itaguyod ang Ideolohiyang Pag-atake laban sa Islâm at sa pamayanang Muslim, sa halip na ito ay maglaho, lalo itong lumakas at sumidhi. Bagaman lantad ito

⁴ Iniulat ni Al-Haakim (4/311) mula kay 'Ubayy ibn Ka'b – *radiallaahu 'anhu*. Ang *Hadith* na nito ay mapananaligan na pinagtibay ng isang pantas sa *Hadith* sa kanyang panahon, si Sheikh Muhammad Naasirud-Deen Al-Albaanee sa *Saheehul-Jaami'* (bilang 2825).

sa paningin ng nakararami ay nakapagdulot pa rin ito ng maraming paraan upang pinsalain ang puso ng mga Muslim, maging sila man ay naninirahan sa Islâmikong lupain o naninirahan sa lupain ng mga di-mananampalataya. Ang isang paraan ng pag-atakeng ito ay sa pamamagitan ng mga *satellite channels* at telebisyon. Sa pamamagitan ng mga paraang ito, ang mga Muslim, lalung-lalo na ang mga kabataan ay unti-unting naiimpluwensiyahan at natutuhan ang sinasabing bagong kultura – ang *New World Order*. Ito ang kultura ng *Kufr* na kung saan ang kanilang pamantayan, paniniwala, ideya at paraan ng pamumuhay ay dahan-dahang ipinararating sa mga Muslim sa hangaring ipakita sa mga ito ang kanilang mala-demonyong kultura na siyang tunay na matuwid at katanggap-tanggap. Ang naging bunga nito sa mga biktima sa maraming pagkakataon ay ang kawalan ng mga pagkakakilanlang Islâmiko ng mga Muslim maliban sa pangalan na lamang. Tayo ay magpakupkop sa Allâh laban sa ganitong masasamang gawain.

Bilang pangwakas, nais kong ipaabot ang aking pasasalamat sa lahat ng tumulong sa pagsasalin ng aklat na ito, lalo na sa ating kapatid na si Ihsan 'Abdullah na sadyang malaki ang naitulong sa pagsasalin ng ikalawang sanaysay. Nawa'y pagpalain siya ng Allâh at pagkalooban siya ng mabubuting gamtimpala.

Ang Tungkol sa may Akda

Ang may akda o tagasagot sa talakayang ito ay isang pantas sa Islâm, na sa loob ng mahigit anim na dekada ay naging bahagi ng *Da'wah* at nagpanumbalik ng sigla ng Islâm. Siya ay isang *Imaam*, isang huwarang pantas, ang tagapagpanumbalik. Siya'y walang iba kundi si Sheikh 'Adbul 'Azeez bin Baaz – nawa'y pangalagaan siya ng Allâh laban sa anumang kapahamakan at patuloy na magkaroon ng kapakinabangan sa kanya ang *Ummah* ng mga Muslim.

Si Sheikh Ibn Baaz ay isinilang noong ika-12 ng buwan ng *Dhul-Hijjah*, 1330H (1912CE) sa Riyadh, Saudi Arabia. Nagsimula ang kanyang pag-aaral sa murang edad at naisaulo niya ang Banal na Qur'ân bago pa niya narating ang edad ng pagbibinata. Nagpatuloy siya sa pag-aaral ng iba't ibang aralin tungkol sa Islâm at siya'y naging bantog sa mga araling katulad ng mga sumusunod: karunungan sa mga paniniwala (*'Aqâ'id*), hudikatura (*Fiqh*), ang saligan nito (*Usûlul-fiqh*), *Hadîth*, pagpapaliwanag sa Qur'ân (*Tafsîr*), tamang pagbigkas (*Tajwîd*), at karunungan sa mabubuting pag-uugali at asal (*Ilmus-sulûk*), sa wika at balarila (*Nahw*) at morpolohiya (*Sarf*). Mayroon pa siyang maayos na paningin nang magsimula siya sa kanyang pag-aaral. Subali't pagsapit nang taong 1346H, nagkaroon siya ng isang karamdamang naging sanhi ng paglabo ng kanyang paningin. Makalipas ang apat na taon, sa edad na dalawampu, siya ay tuluyan nang nabulag. Gayunpaman, hindi ito naging hadlang sa kanyang pagpapatuloy sa pag-aaral.

Ang ilan sa kanyang mga naging guro ay mga kilalang pantas ng Islâm mula sa Riyadh at Makkah noong kanilang kapanahunan, katulad nina: Sheikh Muhammad ibn 'Abdul-Lateef ibn 'Abdur-Rahman ibn Hasan; Sa'd ibn Hamad ibn 'Ateeq; Sa'd Waqqas Al-Bukharin, kung kanino niya natutunan ang *Tajweed*; at Sheikh Muhammad ibn Ibrahim 'Alush-Sheikh, ang dating Punong-Muftee ng Saudi Arabia – nawa'y pagpalain silang lahat ng Allâh. Nag-aral si Sheikh Ibn Baaz kay Sheikh Muhammad ibn Ibrahim sa loob ng halos sampung taon, mula noong 1347H – 1357H, bilang isa sa naging malapit sa kanya kung kanino niya natutunan ang iba't ibang karunungan tungkol sa *Sharî'ah*.

Pagkatapos ng kanyang pag-aaral, ang Sheikh ay itinalaga bilang isang hukom sa distrito ng Al-Kharj mula 1357 hanggang 1371H. Sa pagitan ng 1373 at 1380H, siya ay nagturo ng kaalaman tungkol sa hurisprudensiya, *Tawhîd* at *Hadîth* at *al-Mahadul-'Ilmee* sa Riyadh. Namuno siya bilang pangalawang

punong-guro ng Islâmikong Pamantasan ng *Madinah* sa pagitan ng mga taong 1381H at 1390H; at naging punong-guro ng Pamantasan noong taong 1390H at nanatili sa Pamantasan sa katungkulang yaon sa loob ng limang taon. Noong taong 1413H habang siya ay walumpu't tatlong taong gulang na, si Sheikh Ibn Baaz ay itinalaga bilang Punong-Muftee – isang opisyal na tagapagpaliwanag ng Batas Islâmiko ng Saudi Arabia.

Ang Sheikh, *rahimahuallah*, ay likas na mabait, mapagtimpi at mapagpasensiya (*Zaahid*). Siya ay matatag at matalino sa pagpapahayag ng katotohanan. Ginugol niya ang kanyang buhay sa *Da'wah*, nagturo sa mga tao at inilaan ang kanyang sarili sa paglilingkod. Katunayan, ang kanyang mabuting pag-uugali at tamang kaalaman sa pamamagitan ng habag ng Allâh na ipinagkaloob sa kanya ay naghatid na malaking tulong at impluwensiya sa mga tao sa buong mundo. Ang kanyang mga akda at hatol (*Fataawaa*) tungkol sa maraming usapin na may kaugnayan sa pamayanang Muslim ay nagpapatunay sa kanyang kaalaman, kamalayan at pagpapahalaga sa kalagayan ng Islâm at mga Muslim. Katunayan, siya ay nagsabi: "Ang kaalaman hinggil sa kalagayan ng mga Muslim at ang mga masasamang balak ng kanilang mga kaaway at ang paglalantad at pagpigil sa naturang mga pakanang ito ayon sa saligang itinakda ng *Shari'ah* – isinulat man, sinabi, o sa anumang paraan ay pawang mga tungkuling itinalaga para sa mga Muslim (*Fard 'Alal-kifâyah*). Sinumang magbigay-halaga hinggil dito ay nararapat na pasalamat at siya ay gagantimpalaan ng Allâh. Sapagka't ito ay bahagi ng *Jihâd*, kaya sinumang nagsasagawa nito ay katunayang nagbabantay at handang kalabitin ang gatilyo sa bawa't pakikipaglaban ng mga Muslim."⁵

Ang ilan sa kanyang mga sanaysay at hatol hinggil sa kalagayan ng *Ummah* – kasama ang maraming sanaysay at hatol hinggil sa mga bagay na may kaugnayan sa saligan at paniniwala ay

⁵ *Bayaan wa Tawdeeh* (p.12).

tinipon sa ilalim ng pamagat na: *Majmoo' Fatâwâ wa Maqâlât Mutanawwi'ah*; at sa kasalukuyan ay matatagpuang nakalimbag sa pitong bahagi.

Mula sa mga sanaysay at hatol na ito ay ang mga sumusunod:

- Ang Puna sa Diwang-makabansa ng Arabo. (*A Critique of [Arab] Nationalism [1/284].*)
- Ang Kahalagahan ng Kaalaman sa Pakikibaka sa mga Mapanirang Ideolohiya katulad ng Kawalan ng Paniniwala sa tunay na Diyos, -Kapitalismo at Pagsasanay ng Masonerya. (*The Importance of Knowledge in Combating Destructive Ideologies such as Atheism, Capitalism and Freemasonry [4/59].*)
- Hinggil sa Pangangailangan ng Pagbubuo ng Nagkakaisang Lupon ng iba't ibang Islâmikong Pangkat sa Sudan Laban sa mga Sekyularista (Mga taong naniniwala at naghihiwalay ng Relihiyon sa Pulitika, Batas, Moral at iba pang mga bagay na may kaugnayan sa kapakanan ng mga mamamayan). (*Concerning the Need to Form a United Front by the Various Islâmic Groups in Sudan Against the Secularists [4/166].*)
- Ang Tungkuling Jihâd sa Afghanistan. (*The Obligation of Jihâd in Afghanistan [5/158].*)
- Hinggil sa Baabaree Mosque sa India at Paggalang sa Damdamin ng mga Muslim. (*Concerning the Baabaree Mosque of India and Respecting Muslim Sentiments [7/370].*)
- Hinggil sa mga Minoridad na Muslim sa Europa at Amerika at ang Pangangailangan ng Pagtulong sa Kanila.

(Concerning Muslim Minorities in Europe and America and the Need to Support Them [2/370].)

- Ang Sanhi ng Kahinaan ng mga Muslim sa Harap ng Kanilang mga Kaaway at ang mga Paraan Upang Lunasan Ito. *(Cause for the Weakness of the Muslims in Front of their Enemies and the Means to Cure This [5/101].)*
- Ang Panawagan sa Lahat ng Pamahalaan at Samahan Upang Tulungan ang Mga Muslim sa Bosnia at Herzegovina sa Pamamagitan ng Lakas, Kayamanan, Armas at Panalangin. *(A General Call to All Governments and Organization to Aid the Muslim of Bosnia and Herzegovina with Manpower, Wealth, Weapons and Supplications [7/356].)*
- Hinggil sa Kabutihan ng *Jihâd* at Ito ay Hindi Lamang Pagtatanggol. *(Concerning the Merits of Jihâd and That It is Not Only Defensive [3/171].)*
- Ang Liham Para sa mga *Afghân Mujâhidûn* at ang Pagsisikap ng mga Kalaban ng Allâh Upang Mapagwatak-watak ang Kanilang mga Hukbo. *(A Letter to the Afghân Mujâhidûn and the Efforts of the Enemies of Allâh in Seeking to Split Their Ranks [7/348].)*
- Ang Ideolohiyang Pag-atake ng mga Kristiyano, Zionista at Komunista at ang mga Pamamaraang Kanilang Ginagawa. *(The Ideological Attack by the Christians, Zionists and Communists and the Methods Employed By Them [3/438].)*

Hinihiling ko sa Allâh – ang Kataas-taasan na gawin Niyang tama at tapat ang aking mga ginawa, na ang hinahangad ko lamang ay walang iba kundi ang makita ang Kanyang Mukha; at nawa'y gawin Niyang kapaki-pakinabang ang aklat na ito para sa kapakanan ng lahat ng mga Muslim. Ang lahat ng papuri ay para sa Allâh lamang, ang Panginoon ng mga daigdig,

nawa'y Kanyang itampok at pagkalooban ng mga biyaya at kapayaan ang Sugo na si Muhammadﷺ, ang kanyang Pamilya at mga Kasamahan at ang lahat ng sumusunod sa kanila sa kabutihan hanggang sa Araw ng Paghuhukom.

ABU 'AALIYAH SURKHEEL IBN ANWAR SHARIF
2nd night of Ramadan 1419H
(19th of December 1998CE)
London, England.

Ang Unang Panayam

Ang Tungkulin sa mga Panahon ng Kalamidad

Tanong: Ano ang tungkulin ng isang pantas na Muslim hinggil sa mga kinakaharap na pagsubok at kalamidad na nangyayari sa mga bansang Muslim?⁶

Sagot: Walang alinlangan na ang mga kasalanan sa salita at gawa, gayundin ang paglayo sa tamang pananampalataya sa Islâm (*'Aqîdah*), ay siyang matinding dahilan ng iba't ibang uri ng krisis at kalamidad na nagaganap sa mga Muslim. Ang Allâh – ang Makapangyarihan ay nagsabi:

Anumang kabutihan ang dumating sa iyo, ito ay mula sa Allâh, subali't anumang kasamaan ang nangyari sa iyo, ito ay mula sa iyo. (Sûrah An-Nisaa-4:79)

Ang Allâh – ang Makapangyarihan ay muling nagsabi:

At anumang pagsubok ang nangyayari sa inyo, ito ay gawa ng inyong mga kamay. At Siya ay labis na nagpapatawad. (Sûrah Ash-Shoora-42:30)

Katunayan, ang Allâh ay sadyang Mapagpatawad at Mahabagin sa Kanyang mga alipin na nagpadala ng malinaw na mga palatandaan at babala upang sila ay manumbalik sa Kanya nang may matapat na pagsisisi (*Tawbah*) upang sila ay Kanyang patawarin. Kapag ang isang tao ay nanumbalik sa Allâh at lumapit sa Kanya ng isang bisig, ang Allâh ay lalapit sa kanya ng dalawang bisig. Katunayan, minamahal ng Allâh ang sinuman sa Kanyang mga alipin na nanunumbalik sa Kanya nang may matapat na pagsisisi at Siya ay nalulugod sa kanila. At Siya ay nananatiling malaya sa anumang pangangailangan

⁶ Mula sa *Majmoo' Fataawaa wa Maqalaat Mutanawwi'ah* (4/143-139).

mula sa Kanyang mga alipin. Ang pagtalima ng Kanyang mga alipin sa Kanyang mga ipinag-utos ay hindi nakatutulong sa Kanya, at ang kasalanan ng mga taong makasalanan ay hindi nakasasama sa Kanya. Subali't, Siya ay lagi nang Mapagpala at Mahabagin sa Kanyang mga alipin, at sila ay Kanyang pinagkalooban ng kakayahang maging masunurin at iwasan ang mga gawaing pagsuway. Ang mga pagsubok at kalamidad ay babala para sa Kanyang mga alipin upang sila'y manumbalik sa Kanya nang may pagsisisi at pagtalima. Ipinabatid Niya ito sa kanila sa pamamagitan ng mga pagsubok, katulad ng sinabi ng Allâh – ang Kataas-taasan:

At katiyakan, susubukin Namin kayo ng mga bagay na nakapangangamba, pagkagutom, kawalan ng ari-arian, buhay at bunga. Subali't magbigay ng mabuting balita sa mga matiisin, sila na kapag nakararanas ng pagsubok ay nagsasabi: Tunay, sa Allâh tayo nagmula at sa Kanya tayo magbabalik. Sa kanila nabibilang ang mga Salawat (mga biniyayaan at mabibigyan ng kapatawaran) mula sa kanilang Panginoon, sila ang makatatanggap ng Kanyang Habag, at sila ang mga napapatnubayan. (Sûrah Al-Baqarah-2:155-157)

Ang kasamaan ay nangyayari sa lupa at sa dagat dahil sa gawang dulot ng kamay ng tao. Nang sa gayon ay maipalaspas sa kanila ng Allâh ang bahagi ng kanilang ginawa, upang sila'y manumbalik nang may pagsisisi. (Sûrah Ar-Rûm-30:41)

...At Amin kayong susubukan ng masama at ng mabuti, at sa Amin kayo ay magbabalik. (Sûrah Al-Anbiyâ'-21:35)

...At Aming sinubukan sila ng mabubuti (mga biyaya) at masasama (mga kalamidad), upang sila'y manumbalik sa Allâh nang may pagtalima. (Sûrah Al-A'râf-7:168)

Bukod sa mga nabanggit ay marami pang ibang mga talata na nagtataglay ng katulad na kahulugan.

Kaya tungkulin ng bawa't pinuno ng mga Muslim, ng mga pantas, ng mga tagapamahala at ng iba sa kanila na magmuni-muni kaugnay ng iba't ibang pagsubok at kalamidad na nangyayari upang paalalahanan at bigyan ng babala ang mga tao at ipaliwanag sa kanila kung ano ang nangyayari sa kanila. Gayundin, yaong may mga katungkulan mula sa pangkat ng maaalam ay kinakailangang maging halimbawa ng kabutihan sa kanilang mga kilos at kinakailangan nilang talakayin sa kanila ang mga dahilan kung bakit ang Allâh ay nagalit at naggawad ng kabayaran. Nararapat lamang nilang hilingin ang Kanyang kapatawaran at itama ang kanilang mga ginagawa upang ang iba pang nasasakupan ng *Ummah* ay sumunod sa kanila, sapagka't ang gabay ng mga maaalam at ang karunungan hatid ng mga namamahala na pawang tama at matuwid ay may malaking epekto hinggil sa kaganapan ng kanilang mga tungkulin.

Kaugnay nito, ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

"Ang bawa't isa sa inyo ay tagapangalaga at may tungkulin sa kanyang pinangangalagaan."⁷

Gayunpaman, kapag ang mga Muslim ay nasanay sa paggawa ng kasalanan at ikinalulugod niya ito at yaong mga namumuno na may kapangyarihan ay walang ginawang anumang paraan upang maitigil ang mga ito, magkagayon ang galit ng Allâh ay kaagad na bababa sa *Ummah*. Kapag ang Kanyang galit ay naganap ang Kanyang parusa ay mangyayari. Sinasakop nito ang makasalanan at yaong mga masunurin. Hilingin natin ang pangangalaga ng Allâh laban sa ganitong mga pagsubok.

⁷ Iniulat ni Al-Bukhari (bilang 13/100 na may *Al-Fath*) at ni Muslim (bilang 1829) mula kay "Umar ibn Al-Khattaab - *Radiallaahu 'anhu*.

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

"Kapag nakikita ng tao ang nagaganap na kasamaan at hindi sila nagsikap na baguhin ito, magkagayon, tatakpan at babalutan silang lahat ng Allâh ng kahihiyang nagmula sa Kanya."⁸

Ang Allâh – ang Makapangyarihan ay nagsabi:

...Katotohanan, hindi babaguhin ng Allâh ang kalagayan ng isang mamamayan hanggang hindi nila binabago ang kanilang mga sarili. (Sûrah Ar-Ra'd-13:11)⁹

⁸ Iniulat ni Abu Dawood (bilang 4338) mula kay Abu Bakr As-Siddeq *radiallaahu 'anhu*. Ang *Hadîth* na ito ay mapananaligan at pinagtibay ng isang kilalang dalubhasa sa mga *Hadîth (Muhaddith)* noong kanyang panahon. Si Sheikh Muhammad Naasiruddin Al-Albaanee sa *Saheehul-Jaami'* (bilang 1974).

⁹ Sinabi ni Sheikh Muhammad Ameen Ash-Shanqeete, *radiallaahu 'anhu* sa kanyang mahalagang komentaryo tungkol sa Qur'ân, *Adwa 'ut-Bayaan (3/72-73)*:

"Ipinaliwanag ng Allâh – ang Kataas-taasan, sa banal na talatang ito na hindi Niya babaguhin ang mga biyaya (iginagawad Niya) at hindi Niya babaguhin ang (mabubuting) pag-uugali ng tao hanggang hindi nila binabago ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagtalikod sa pagiging masunurin sa Allâh – ang Makapangyarihan. Kaya ang kahulugan ng talatang ito ay: Ang mga biyayang tinatanggap ng isang pamayanan ay hindi aalisin mula sa kanila hanggang sa sila ay magbago mula sa kanilang pagiging masunurin at mabuting mga gawain. Ang kahulugan nito ay ipinaliwanag sa ibang talata, ayon sa Kanyang sinabi:

Ito ay sapagka't hindi babaguhin ng Allâh ang biyayang Kanyang ipinagkaloob sa mga tao hangga't hindi sila magbago sa kanilang mga sarili" (Sûrah Al-Anfâl-8:53)

At anuman ang kasawiang dumating sa inyo, ito ay gawa ng inyong mga kamay. At Siya ay nagpapatawad nang labis. (Sûrah Ash-Shûra-42:30)

Sa banal na talatang ito: "Hangga't hindi sila magbago sa kanilang mga sarili," katulad nang naganap sa labanan sa bundok ng Uhod, nang ang mga mamamana (*archers*) ay nagbago at sumuway sa ipinag-utos ng Propeta – at dahil dito, silang lahat ay nakaranas ng kahirapan. Ang Propeta ﷺ ay minsang tinanong: Kami ba ay mawawasak, bagaman may matutuwid na tao sa amin? Siya ay sumagot: 'Oo, kapag ang kasamaan ay naging laganap.' Ang Allâh – ang Kataas-taasan, ang higit na nakaaalam.

Ang mga pantas ay uusiging mabuti sa harapan ng Allâh hinggil sa kanilang pamamahagi ng kaalaman at gabay sa mga tao. At ang pagpapaliwanag sa kanila kung ano ang tama at kung ano ang mali, gayundin ang pagpapaalaala ng kapakinabangan sa pag-iwas sa mga bagay na nakapipinsala.

Hinihiling natin sa Allâh na sana'y Kanyang pagkalooban at biyayaan ang lahat ng mga Muslim ng kakayahang maging masunurin sa kanilang Panginoon, na humawak sa gabay ng kanilang Sugo ﷺ na si Propeta Muhammad ﷺ, na Kanyang pagkalooban ang kanilang mga pinuno ng kakayahang magampanan ang kanilang mga tungkulin. Nawa'y Kanyang turuan ang kanilang mga pantas ng tamang paraan ng patnubay upang silang lahat ay tumahak dito at akayin ang *Ummah* tungo sa landas na ito, na Kanyang gabayan yaong mga Muslim na mga naligaw at ituwid ang kanilang mga gawain. Katiyakan, Siya ang Tagapamahala, ang Nag-iisang may Kapangyarihang gawin ang lahat ng ito.

Mga Bagay Hinggil sa mga Samahang Pang-Islâm

Tanong: Ano ang tungkulin ng mga pantas na Muslim hinggil sa malaking bilang ng mga grupong naninirahan sa iba't ibang Islâmikong lupain at sa ibang lugar na may kaugnayan sa pagkakaibang namamagitan sa kanila, na umaabot sa puntong ang bawa't grupo ay nagpapahayag na ang iba ay naligaw? Hindi ba marapat na ipaliwanag ang mga bagay na katulad nito upang linawin ang katotohanan tungkol sa kanilang mga 'di pagkakaunawaan sa pangambang baka lumala ito at humantong sa kasamaang maaaring maganap sa mga Muslim?

Sagot: Nilinaw sa atin ng ating Propeta ﷺ ang nag-iisang landas, kung saan ang mga Muslim ay may tungkuling sundin at tahakin

ito. Ito ang Tuwid na Landas ng Allâh at ang pamamaraan ng Kanyang tamang Relihiyon. Ang Allâh – ang Kataas-taasan ay nagsabi:

At ito ang Aking Tuwid na Landas, kaya sundin ito at huwag sundin ang landas ng iba na makapaghihiwalay sa inyo sa Kanyang Landas. Ito ang ipinag-utos Niya sa inyo, upang kayo ay maging Muttaqoon (mga taong may tunay na takot sa Allâh). (Sûrah Al-An'âm-6:153)

Gayundin, ang Panginoon ay nagbabala sa pamayanan ni Muhammad ﷺ laban sa pagkakahywa-hiwalay at di-pagkakaisa, sapagka't ito ang pinakamalaking dahilan sa pagbagsak ng mga Muslim na siya namang magiging daan tungo sa pamamahala ng mga kalaban. Ang Allâh – ang Makapangyarihan ay nagsabi:

At sama-samang panghawakan nang mahigpit ang Lubid ng Allâh (Islâm), at huwag magkahiwa-hiwalay sa isa't isa. (Sûrah Al-'Imrân -3:103)

Kanyang itinalaga sa inyo ang relihiyong katulad ng Kanyang ipinag-utos kay Noah at kung ano ang Aming ipinahayag sa iyo (O Muhammad), at yaong Aming ipinag-utos kay Abraham, Moises at Hesus, na nagsasabi: Itatag ang Relihiyon at huwag magkahiwa-hiwalay. (Sûrah Ash-Shûrah-42:13)

Kaya ito ay isang Banal na panawagan tungo sa pagkakaisa upang ang mga puso ay magkasundo-sundo.¹⁰

¹⁰ Si Imaam As-Sa'dee, *Rahimahullah*, ay nagsabi sa *Siyaasatush-Shar'iyah* (p.8): "Katotohanan, ang pagsisikap na ito upang pag-isahin ang mga Muslim at ang panawagan sa kanilang pagkakabuklod-buklod ay kabilang sa mga mahuhusay na gawain. At sa kasalukuyang panahon, ito ay higit na mahusay kaysa maging abala sa mga kusang-loob (*Sunnah*) na pag-aayuno at pagdarasal. Ang pagsisikap na pag-isahin ang mga Muslim ay kabilang sa mataas na uri ng *Jihâd* (pagsisikap at pakikibaka) tungo sa landas ng Allâh."

Saan mang lupaing Islâmiko, kung maraming pangkat na may layuning gumawa ng kabutihan at kabanalan na sa kabila ng di-pagkakaunawaan ay gumagawa ng mabuti at nakikiisa sa mga Muslim – nang walang pagnanais na magkahiwa-hiwalay, ito ay mabuti para sa kanila, at ito ay isang biyaya na nagtatala ng mabuting pakinabang. Subali't, kung ang iba sa kanila ay nagpapahayag na nangaligaw ang iba at gumagawa ng paninira, magkagayon ang pinsala nito ay napakatindi at ang panganib na dulot nito ay lubhang mapanganib. Ang tungkulin ng bawa't Muslim ay liwanagin ang tamang kalagayan ng mga kaganapan at makipagtalakayan sa bawa't pangkat at maging matapat sa pagbibigay ng payo sa kanilang lahat at sila ay kinakailangang magpatuloy sa pamamaraang ipinadala ng Allâh sa Kanyang mga alipin na siyang ipinanawagan ni Propeta Muhammad ﷺ.¹¹

Si As-Sa'dee ay muling nagsabi (p.13): "Narapat din sa mga Muslim na huwag magkaroon ng pagkakaiba hinggil sa kanilang mga opinyon at pananaw tungkol sa pamumuno (*Mulk*) at pulitika (*Siyaasah*) na sanhi upang maging balakid sa kanilang mga sarili at sa pagitan ng pagpapanatili ng kapatiran sa relihiyon at sa ugnayang pananampalataya. Bagkus, narapat nilang ayusin ang lahat ng di-pagkakasundo, at higit sa lahat ay makamtan ang mga minimithi at adhikain na nagmula sa pangunahing pamantayan."

¹¹ Tinanong si Sheikh Ibn Baaz, *Rahimahullah*, sa *Majmoo' Fataawaa wa Maqaalaat Mutanawwi'ah* (3/68-69) upang magbigay ng kanyang opinyon tungkol dito at kanyang sinabi: "Ito ang tamang panahon upang magkaisa ang iba't ibang pangkat ng Muslim upang magpunyagi laban sa mga kalaban ng Islâm, at hindi ito ang panahon upang sisihin ang ibang mga pangkat, sistema o pamamaraan katulad ng mga *Súfees*, at iba pa."

Sumagot siya sa pagsasabing: "Walang pag-aalinlangang ito ay isang tungkulin ng lahat ng Muslim na magkaisa sa kanilang antas at magkaisa sa kanilang mga pananalita tungkol sa katotohanan at makibahagi sa kabutihan at kabanalan laban sa mga kaaway ng Islâm. Sapagka't ang Allâh – ang Ganap ay nag-utos sa kanila sa pamamagitan ng Kanyang Salita:

At sama-samang panghawakan nang mahigpit ang Lubid ng Allâh (Islâm), at huwag magkahiwa-hiwalay sa isa't isa. (Sûrah Al-'Imrân-3:103)

Gayundin, nagbabala ang Allâh sa mga Muslim laban sa pagkakaahiwa-hiwalay at Kanyang sinabi:

At huwag ninyong tularan yaong mga sambayanang nagkahiwa-hiwalay at nagkasalungatan sa isa't isa pagkatapos dumating sa kanila ang maliwanag na katibayan. (Sûrah Al-'Imrân-3:105)

Gayunpaman, ang utos na pag-isahin ang mga Muslim at magkaisa sa kanilang pagpapahayag ng katotohanan at ang paghawak nang matatag sa lubid ng Allâh ay hindi nangangahulugang hindi nila pupunahin ang mga maling paniniwala at gawain – ito man ay mula sa mga *Soofees* o sa iba pa maliban sa kanila. Bagkus, ang kautusan sa pananatili sa lubid ng Allâh ay nangangailangan ng pagpapatupad ng kabutihan, pagbabawal ng kasamaan at paglililaw ng katotohanan sa pamamagitan ng malinaw na mga patunay mula sa *Shari'ah* sa sinumang naligaw o mayroong maling haka-haka; hanggang sa sila'y magkaisa sa katotohanan at lumayo sa anumang sumasalungat dito. Ang lahat ng ito ay nakapaloob sa Kanyang mga Salita:

At magtulungan sa kabutihan at kabanalan, at huwag magtulungan sa kasalanan at pagsuway. (Sûrah Al- Mâ'idah-5:2)

At Kanyang muling sinabi:

At hayaang magkaroon sa inyo ng isang pangkat na nag-aanyaya (sa lahat) tungo sa kabutihan (Islâm), nag-uutos ng Ma'ruf (mabuti) at nagbabawal ng Munkar (masama). At sila yaong magtatagumpay. (Sûrah Al-'Imrân-3:104)

Kaya't kapag ang taong makatotohanan ay tumigil sa paglililaw sa mga kamalian ng mga nangaligaw at ng mga nagkamali, magkagayon, hindi niya natupad kung ano ang ipinag-utos sa kanya ng Allâh hinggil sa panawagan tungo sa kabutihan, pag-uutos ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan. Ang taong nagkamali ay mananatili sa kanyang pagkakamali, at ang isang taong salungat na kumikilos sa katotohanan ay mananatili sa kanyang pagkakamali. At ito ay labag sa ipinag-utos ng Allâh – ang Ganap, hinggil sa pagbibigay ng matapat na payo, pakikiisa sa kabutihan, pagpapatupad ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan at tanging ang Allâh lamang ang Siyang nagkakaloob ng tagumpay.

Ang Sheikh, *Rahimahullah*, ay tinanong din tungkol sa pananaw na: Nararapat tayong magkaisa kung ano ang ating napagkasunduan at nararapat nating ipagpaumanhin ang bawa't isa kung saan tayo nagkakaiba. Si Sheikh Ibn Baaz ay sumagot sa pamamagitan ng pagsasabi (3/58):

Katunayan, ang sagot dito ay oo, obligado na tayo ay magkipagtulungan sa bawa't isa kung ano ang ating napagkasunduan tungkol sa pagpapalawig ng katotohanan. Manawagan tayo tungkol dito at magbigay ng babala laban sa anumang ipinagbawal ng Allâh at ng Kanyang Sugo ﷻ. Subali't tungkol sa pagpapaumanhin sa bawa't isa sa ating pagkakaiba-iba, hindi dapat ito

Silang mga nagsasawalang-bahala tungkol dito o patuloy sa kanilang pagsalungat dahil sa kanilang pansariling kapakanan o mithiin na tanging ang Allâh lamang ang nakaaalam, magkagayon, ang tungkuling nakatalaga sa mga nakaaalam ng katotohanan ay ang ipabatid at magbigay ng babala laban sa kanila upang ang mga tao ay makaiwas sa kanilang maling landas. Kaya yaong mga hindi nakaaalam sa katotohanan ng kanilang ginagawa ay hindi mahuhulog dito o kaya'y maligaw, o kaya'y mailayo sa Tuwid na Landas na ipinag-utos ng Allâh na nararapat nating sundin.¹² Nasusulat sa Banal na Qur'ân:

isinasagawa ng walang pagtatakda, bagkus nararapat na ito ay may mga kaukulang detalye. Kaugnay ng usaping *Ijtihâd* kung saan ang mga patunay ay hindi malinaw, magkagayon, obligado sa bawa't isa na huwag magtalakayan sa paraang makasasakit sa iba. Tungkol sa anumang paksang sumasalungat sa Aklat at *Sunnah*, magkagayon, kailangang itama ang paksang sumasalungat dito, subali't kailangan ang sapat na kaalaman, magandang paalala at pakikipagtalakayan sa mahusay na paraan na umaayon sa sinabi ng Allâh – ang Kataas-taasan:

At magtulongan sa kabutihan at kabanalan, at huwag magtulongan sa kasalanan at pagsuway. (Sûrah Al- Mâ'idah-5:2)

Ang mga mananampalataya, mga lalaki at babae ay Awliyaa (kaisa, kakampi, kapanalig, katulong, kaibigan) ng bawa't isa; sila'y nag-uutos ng kabutihan at sila'y nagbabawal ng kasamaan. (Sûrah At-Taubah-9:71)

Manawagan sa landas ng iyong Panginoon ng may kaalaman at magandang pananalita at makipagtalakayan sa kanila sa mainam na pamamaraan. (Sûrah An-Nahl-16:125)

¹² Ang mga sumusunod na mga kataga ay isinulat ni Sheikh Abdul 'Azeez bin Baaz na matatagpuan sa aklat na may pamagat na *al-Furqân* (bilang 77; p.14): Ating makikita sa kasalukuyang panahon na ang ilang Islâmikong pangkat ay naaayon sa tatlong kategorya:

1. Ang mga pangkat na mahigpit na sumusunod ayon sa paniniwala (*'Aqidah*) ng mga matutuwid (*Salafus-Saalih*) – sa paniniwala, pamamaraan at sa gawa. Ang pangkat na ito ay kailangang tulongan at suportahan. Kailangan silang pasalamatang sa mabuting bagay na kanilang ginawa at itinaguyod at nararapat din nating payuhan sila nang tapat kapag sila ay nagkakasala at nagkakamali.

2. Ang mga pangkat na walang malinaw na paniniwala o kaya'y malinaw na pamamaraan sa paraang kanilang sinusunod, 'ni hindi sila sumusunod sa pang-unawa ng *Salafus-Saalih* at sa mga batayan ng *Shari'ah*. Ang ating tungkulin ay ang paalalahanan sila nang may malinaw na batayan at saligang nagmula sa *Shari'ah*, na may kabutihang loob, kaalaman at mainam na paraan – na naaayon sa sinabi ng Allâh – ang Kataas-taasan:

Manawagan sa landas ng iyong Panginoon nang may kaalaman at magandang pananalita at makipagtalakayan sa paraang pinakamahusay.
(Sûrah An-Nahl-16:125)

3. Ang mga pangkat na itinatag upang sumalungat at makipaglaban sa *Ahlus-Sunnah wal-Jamaa'ah*, hayagan man o lingid, nagpapalaganap ng mga *Bida'ah* (karagdagan at pagbabago) sa pananampalataya at pagkaligaw. Ang ating tungkulin ay katulad ng isang nagbibigay ng babala sa kanilang masasamang gawain at naghahayag ng kanilang mga kamalian sa anumang paraang pinahihintulutan ng *Shari'ah*.

Ang Sheikh, *Rahimahullah*, ay hiningan ng payo (7/120-121): Turuan mo kami butihin Sheikh, kung papaano wawakasan ang di-pagkakaunawaan na nagaganap sa kasalukuyan tungkol sa mga samahang ito; katulad ng *Jamâ'atul-Tabligh*, *Jamâ'at Ikhwân*, *Salafees*, at iba pa. Bawa't grupo ay nag-aangkin: Kami ang tunay na sumusunod sa *Sunnah*. Kaya sino mula sa mga pangkat na ito ang tama at sino ang aming susundin? Umaasa kaming iyong babanggitin ang kanilang mga pangalan.

Siya ay sumagot: Ang samahang kailangang sundin at ang pamamaraang dapat tahakin ay ang mga taong nasa Tuwid na Landas: Ang mga taong sumusunod sa Propeta ﷺ, silang mga namumuhay ayon sa Aklat (Qur'ân) at sa *Sunnah*. Sila yaong mga nananawagan tungo sa Aklat ng Allâh at sa *Sunnah* ng Kanyang Propeta ﷺ, sa salita at sa gawa. At tungkol sa ibang grupo, walang sinuman ang dapat na sumunod sa kanila, maliban doon sa sumasang-ayon sa katotohanan, maging ito man ay grupo ng *Ikhwaanul-Muslimoon*, *Jamâ'atul-Tabligh*, *Ansârus-Sunnah*, o silang tinawag ang mga sariling *Salafees*, *Jamâ'atul-Islâmiyyah*, o kaya'y *Ahlul-Hadîth*, at ang alinmang samahan na tinagurian nila ang kanilang mga sarili sa ibang pangalan. Kaya naman sila ay susundin at tutularan lamang kung ano ang katotohanan – ang katotohanan na pinatutunayan ng mga ebidensya. Anumang sumasalungat sa patunay ay itinatakwil at nararapat sabihin sa kanila: 'Kayo ay nagkamali hinggil dito'. Magkagayon, kailangang sumang-ayon lamang sa kanila sa pamamagitan ng mga banal na Talata, makatotohanang *Hadîth*, o pinagkasunduang pasiya (*Ijmaa'*) mula sa mga Matutuwid na Tagasunod ng *Ummah*. Ang mga unang nabanggit na mga pangkat ay nagtataglay ng katotohanan at kasinungalingan, sila ay mga taong maaaring makagawa ng pagkakamali; kaya bawa't isa sa kanila ay nagkakamali. Gayunpaman, ang katotohanang sinasabi ay yaong may katibayan mula sa Aklat ng Allâh, sa *Sunnah* ng Kanyang Propeta ﷺ, o ang pinagkasunduang pasiya ng mga Matutuwid na Tagasunod ng *Ummah*, anumang grupo sila nabibilang.

At katotohanan, ito ang Aking Tuwid na Landas, kaya sundin ito at huwag sundan ang ibang landas, sapagka't ilalayo lamang kayo ng mga ito sa Kanyang Landas. Ito ang ipinagutos Niya sa inyo, upang kayo ay maging Muttaqoon (mga taong may tunay na takot sa Allâh). (Sûrah Al-An'aam-6:153)

Walang alinlangan na ang pagkakaroon ng malaking bilang ng iba't ibang sekta at pangkat sa pamayanang Islâmiko ay isang bagay na hinahangad ni *Shaitan* at isang bagay na hinahangad ng mga kalaban ng Islâm mula sa sangkatauhan.¹³ Ang

Sinabi rin ng Sheikh sa isang talakayan, na naitala noong ika-6 ng *Dhul-Hijjah* 1416H; ika-24 ng Abril, 1996 CE: "Aming pinapayuhan silang lahat na magkaisa sa iisang landas at ito ay ang landas ng paghahanap ng kaalaman upang magkaroon ng pang-unawa sa Aklat at *Sunnah*, at nagpapatuloy sa pamamaraan ng *Ahlu-Sunnah wal-Jamâ'ah*. Pinapayuhan ko sila na gawin ang kanilang adhikain nang may tamang pagsunod sa Aklat at sa *Sunnah* at sumunod sa pamamaraan ng *Ahlu-Sunnah wal-Jamâ'ah*, at tawagin nila ang kanilang mga sariling *Ahlu-Sunnah* o mga tagasunod ng Matutuwid na Tagasunod. Subali't para doon sa mga matapat na sumusunod sa *Ikhwânul-Muslimûn*, o *Jamâ'atul - Tabligh*, o sa iba pa, magkagayon, hindi ko sinasabing ito ay mali. Bagkus, aming ipinapayo sa kanila na magkaisa sa iisang landas, sa iisang pangkat, (*Jamâ'ah*), na nagpapayuhan sa isa't isa ng katotohanan at may katapatan sa *Ahlu-Sunnah wal-Jamâ'ah*. Ito ang tamang paraan upang maiwasan ang hindi pagkakaunawaan.

¹³ Sinabi ni Sheikh Saalih Al-Fawzaan, *hafidhahullah*, sa *Maraaji'at fee Fiqhil-Waaqi'* (p.45): "Kaya ang paghihiwa-hiwalay at ang pagkakaroon ng maraming nagkakaibang grupo at pangkat ay nagmula sa pakana ng mga kaaway ng pamayanang ito, gawa ng mga satanas mula sa mga tao at *jinn*. Sa ganitong kalagayan, ang mga di-mananampalataya at mga mapagkunwaring tao ay nagpapatuloy at walang tigil simula pa noong unang panahon – ginagawa ang lahat ng paraan sa pamamagitan ng panlalason sa isipan ng mga Muslim upang magkawatak-watak ang *Ummah*.

At sinabi ng isang pangkat mula sa Angkan ng Kasulatan (sa kanilang mga kasamahan): 'Sumampalataya kayo sa umaga sa ipinahayag sa mga mananampalataya (Muslim) at itatwa ito sa pagsapit ng gabi, baka sakaling maging dahilan ito ng kanilang pagtalikod sa Islâm'. (Sûrah Al-'Imrân-3:72)

Ibig sabihin, iiwan ng mga Muslim ang kanilang Relihiyon kapag nakita nila ang mga taong naniwala sa umaga at nagtakwil sa gabi.

Gayundin, ang mga mapagkunwari ay nagsabi:

Huwag gumugol para sa mga kasamahan ng Sugo ng Allâh, hanggang sa siya ay iwanan nila. (Sûrah Al-Munâfiqûn-63:7)

pagkakasundo at pagbubuklod ng mga Muslim at ang kanilang kamalayan sa mga panganib na nagbabanta sa kanila at sa kanilang relihiyon ang magiging dahilan upang sila ay maging aktibo sa pagpapasinungaling dito na sama-samang kikilos para sa kapakanan ng mga Muslim upang sa gayon ay naitataboy nila ang anumang panganib sa kanilang relihiyon, sa kanilang mga lupain at higit sa lahat sa kanilang mga kapatid.¹⁴ Ito ay ilang mga bagay lamang na kung saan ang mga kaaway mula sa lupon ng sangkatauhan at *jinn* ay hindi nasisiyahan. Kaya

At silang nagtayo ng Masjid sa pamamagitan ng pananakit at di-paniniwala, at upang mapaghiwa-hiwalay ang mga mananampalataya... (Sûrah At-Taubah-9:107)

¹⁴ Tinanong si Sheikh Saalih al-Fawzaan sa *Muntaqaa min Fataawaa* (1/417; bilang 249): 'Hinggil naman sa mga panganib na kinakaharap ng *Ummah* ng Islâm sa iba't ibang direksyon, ano ang pinakamatindi sa mga panganib na ito at ano ang landas na dapat tahakin upang maiwasan ang mga panganib na ito?'

Siya'y sumagot: "Ang pinakamatinding panganib na kinakaharap ng *Ummah* ng Islâm ay ang kanilang paglayo sa Aklat ng Allâh at sa *Sunnah* ng Kanyang Propeta ﷺ at pinalitan ito ng mga batas na gawa ng tao at nakaliligaw na mga ideolohiya. Gayundin, ang pinakamatinding panganib na kinakaharap sa kasalukuyan ng *Ummah* ng Islâm ay ang maling patnubay at tuwirang pagkaligaw hinggil sa paniniwala (*Aqidah*) at ang pagpasok ng mga konsepto ng di-mananampalataya (*Kufr*), pagtatambal (*Shirk*) at pagdaragdag (*Bida'ah*) dito ng mga sumasamba sa mga libingan at ng mga *Soofee*. Gayundin, ang isa sa pinakamatinding kinakaharap ng *Ummah* ng Islâm ay ang kanilang pagkakawatak-watak at di-pagkakaunawaan sa bawa't isa. Ang tamang lunas dito ay ang panunumbalik sa Aklat ng Allâh at sa *Sunnah*; alamin at pag-aralan ang mga ito, magturo sa kanila, hatulan ang mga tao sa pamamagitan nito at sundin kung ano ang itinuturo nito hinggil sa moralidad, tamang asal at mabuting kaugalian."

Si Sheikh Saalih al-Fawzaan ay nagsabi rin sa *Muntaqaa min Fataawaa* (1/416-417; bilang 248): "Ang pinakamahalagang usapin na kailangang pahalagahan at bigyang lunas ng mga Muslim sa mga sandaling ito ay ang kamangmangan hinggil sa paniniwala (*Aqidah*) sa *Tawhid*. Marami sa mga Muslim ang umaayon sa pagsunod sa mga ideolohiya at mga pamamaraang sumasalungat sa katuruan ng Islâm, at ang ideolohiyang pag-atake (*Alghazwa al-Fikree*) na nagmula sa mga lupain ng mga di-mananampalataya na itinuturo sa mga Islâmikong lupain. Ang bawa't usaping ito ay nangangailangan ng matibay na pananaw at ng isang matinding pagtatakwil. Ito ay magagawa lamang sa pamamagitan ng tamang pagpapaliwanag sa Islâm; kasabay ng paniniwala rito at pagsunod sa mapananaligang mga itinakdang Batas at sa pamamagitan ng pagbibigay ng babala laban sa mga sumasalungat dito – sa kanilang mga maling pagtuturo. Ito rin ay magagawa sa pamamagitan ng paggamit ng mga mamamahayag at pagpapakalat ng mga kapaki-pakinabang na mga aklat."

naman ganoon na lamang ang kanilang layunin na paghiwalayin ang mga Muslim at wasakin ang kanilang pagkakabuklod at magtanim ng galit at di-pagkakaunawaan sa pagitan nila.

Hinihiling namin sa Allâh na Kanyang pag-isahin ang mga Muslim sa katotohanan at Kanyang lipulin sa bawa't pamayanan ang lahat ng uri ng pagkaligaw at ang bawa't dahilan ng di-pagkakaunawaan. Katotohanan, ang Allâh lamang ang may kakayahang gumawa nito at Siya lamang ang Nag-iisang may kapangyarihan sa lahat ng ito.

Ang Kinakailangang Paghahanda

Tanong: Ang mga kaaway ng Allâh ay may matinding pagnanasang makapasok sa mga lupain ng mga Muslim sa pamamagitan ng iba't ibang paraan. Kaya naman sa iyong palagay, ano ang paraan na nararapat isagawa upang mapigilan ang mga ganitong paglusob na nagbabanta sa mga Islâmikong pamayanan?

Sagot: Ito ay hindi isang pangkaraniwang bagay na nagmula sa mga nananawagan tungo sa Kristiyanismo, Hudaismo o ibang mga relihiyon. Sapagka't ang Allâh – ang Ganap, kung saan ang lahat ng papuri ay para sa Kanya lamang, ay nagpabatid sa mga bagay na ito sa Kanyang malinaw na Kapahayagan nang Kanyang sabihin:

Hindi kailanman masisiyahan ang mga Hudyo at Kristiyano sa iyo hangga't hindi mo sundin ang kanilang pananampalataya. Sabihin: Katotohanan, ang tanging patnubay ay ang Patnubay ng Allâh! At kung sumunod ka sa kanilang nais pagkaraang dumating sa iyo ang Kaalaman (Qur'ân), magkagayo'y hindi ka magkakaroon ng Wali (Tagapagtanggol o Tagapangalaga) o katulong sa pagharap sa Allâh. (Sûrah Al-Baqarah-2:120)

Ang Allâh – ang Ganap ay muling nagsabi:

At hindi sila titigil sa pakikipaglaban sa inyo hangga't hindi nila kayo nailalayo sa inyong pananampalataya, kung kaya nila itong gawin. (Sûrah Al-Baqarah 2:217)

Ito ang dahilan kung bakit ginagawa nila ang lahat ng mga posibleng paraan upang makapasok sa mga lupain ng mga Muslim, at gumagamit ng iba't ibang paraan at taktika upang maisakatuparan ito. Ang isa sa kanilang ginagawang paraan ay ang pagtatanim ng pag-aalinlangan at kawalan ng katiyakan sa isipan at katwiran at sila ay nagpapatuloy nang walang patid o kapaguran, gumagamit ng mga simbahan upang ipalaganap ang kanilang galit at poot at ipinagpapatuloy ang kanilang mga pagpupunyagi sa pamamagitan nito.¹⁵ Kaya naman, tungkulin

¹⁵ Tinanong si Sheikh Saalih al-Fawzaan sa *Muntaqaa min Fataawaa* (1/419; bilang 252): 'Katotohanan, ang mga kalaban ng Relihiyon ay naglagay ng isang mahusay na pinagplanuhang proyekto, katulad halimbawa nang ang isa sa kanilang masamang namumuno ay nagsabi: Sa darating na taong 2000CE, ang buong Aprika ay pangungunahan ng Kristiyanismo! Kaugnay nito, bakit ang mga Muslim ay hindi magsagawa ng katulad na proyekto?'

Ang Allâh – ang Makapangyarihan, ay nagsabi:

Ang kaligtasan ay hindi umaalinsunod sa inyong pagnanais (mga Muslim) at maging sa pagnanais ng mga Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano). Sinumang gumawa ng masama, magkakaroon siya ng kabayaran dito. At wala siyang matatagpuang anumang tagapagtanggol o tagapagtangkilik upang alisin ang parusang ipapataw sa kanya maliban sa Allâh. (Sûrah An-Nisâ'-4:123)

Kaya nang ang Angkan ng Kasulatan ay nagsabi: 'Aming makakamit ang ganito at ganoon, o kaya'y kami ay magwawagi laban sa ganito at ganoon sa sanlibutan', hindi ito makasasama sa atin, o maging dahilan ito upang tayo'y malungkot o manghina, bagkus ito ay makatutulong at magbibigay lakas upang tayo ay kumilos, manindigan, magpunyagi at magsikap na mabuti sa panawagan (*Da'wah*) tungo sa Landas ng Allâh – ang Kataas-taasan. Ang Allâh ay nagsabi:

Nguni't kung mananatili kayong matiyaga at pag-ibayuhin ang takot (sa Allâh), 'ni bahagya'y hindi makapipinsala sa inyo ang kanilang katusuhan. (Sûrah Al-'Imrân-3:120)

At sinabi pa nila ang mga bagay nang higit dito:

At sila ay nagsasabi: Walang makapapasok sa Paraiso malibang sila'y maging Hadyo o Kristiyano. Ito ang sarili nilang paghahangad. Sabihin: Ilantad ang inyong katibayan kung kayo ay matapat. (Sûrah Al-Baqarah-2:111)

Ngayon, inaangkin nila ang Paraiso bilang isang pook na walang makapupunta maliban sa kanila! Ito ba ang sinasabi ng mga taong may tamang kaisipan? Katotohanan, ang Allâh – ang Makapangyarihan, ay pinabulaanan sila sa Kanyang ipinahayag:

Walang pagsala! Sinumang magsuko ng kanyang mukha (sarili) sa Allâh, at siya ay isang Muhsin (taong gumagawa ng kabutihan para lamang sa Allâh ng walang bahid pagpapakitang tao o kaya'y upang mapuri lamang at maging tanyag, atpb.), magkagayo'y matatagpuan niya ang kanyang gantimpala sa kanyang Rabb (Allâh); sa kanila ay walang pagkatakot at hindi sila malulungkot. (Sûrah Al-Baqarah-2:112)

Ang Allâh ay muling nagsabi:

Ang kaligtasan ay hindi umaalinsunod sa inyong pagnanais (mga Muslim), at maging sa pagnanais ng mga Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano). Sinumang gumawa ng masama, magkakaroon siya ng kabayaran dito. At wala siyang matatagpuang anumang tagapagtanggol o tagapagtangkilik upang alisin ang parusang ipapataw sa kanya maliban sa Allâh. (Sûrah An-Nisâ'-4:123)

At kanilang sinabi ang higit pa! Sinabi nila kay Moses:

Ipakita mo sa amin ang Allâh nang lantaran... (Sûrah An- Nisâ'-4:153)

Sadyang marami silang sinasabi, inaangkin at hinahangad, subali't ang lahat ng ito ay ibinalik sa kanilang mga mukha at hindi ito makapipinsala sa mga taong nagtataglay ng pananampalataya, hangga't ang mga mananampalataya ay nananatiling matatag, handa at hindi sumusuko sa ganitong mapanganib na panahon.

Sa kasalukuyan, makikita nating ang mga Kristiyano ay gumugulog ng kanilang yaman, nagtatayo ng mga gusali at paaralan, at nagpapadala ng mga hukbo at tagasunod, subali't sila'y nagwawagi sa maliit na bilang lamang ng tao. Samantalang ating makikita na maraming tao ang tumatanggap ng pananampalatayang Islâm kahit walang Muslim ang tuwirang nagpahayag (*Da'wah*) sa kanila. Sila'y naging mga Muslim marahil dahil nakita nila ang mga katuruan ng Islâm, o narinig lamang ang Banal na Qur'ân nang ito ay bigkasin, o 'di kaya'y nakabasa ng tungkol sa Islâm. Ito ang nangyayari sa kabila na ang mga Muslim ay tamad. Paano pa kaya kung ang mga Muslim ay nagsisikap na manawagan sa tao tungo sa landas ng Allâh at ipinamumuhay ang kagandahan ng Islâm – na nagsisimula sa kanilang mga sarili, na nagiging halimbawa para sa iba at naglalarawan ng tamang larawan ng Islâm. Sabi ng ilang Kristiyano: 'Kami ay gumugulog ng milyon, subali't isa lamang ang aming nakukuhang tagasunod, samantalang libu-libo ang yumayakap sa Islâm nang walang anumang halagang ginugol ang isang Muslim.'

Kaya ang katotohanan ay sadyang malinaw, at ang lahat ng papuri ay para sa Allâh lamang. Subali't ang katotohanan ay kailangang makita sa isang tao. Katunayan, ang katotohanan ay katulad ng isang espada; kung ang isang matapang na tao ay bitbit ito sa tamang paraan, hindi siya mapipigilan maging sa harap ng kanyang kaaway. Subali't kung walang gagamit sa espada ito, magkagayon, ito ay mawawalan ng halaga.

Ito ay kinakailangang ituro sa kabuuan ng Relihiyon, hindi lamang sa ilang bahagi nito at kailangang ihiwalay sa iba. Sinabi ni Sheikh 'Abdul 'Azeed bin Baaz sa *Majmoo' Fataawaa w Maqaalaat Mutanaww'ah* (1/346):

"Narapat ninyong tanggapin ang kabuuan ng Islâm, hindi yaong pagtanggap sa isang bahagi lamang at iwanan ang natitirang bahagi. Huwag lamang tanggapin ang paniniwala (*'Aqîdah*) at pagkatapos ay kaliligtaan ang mga pamantayan (*ahkâm*). Huwag lamang tanggapin ang mga pamantayan at kalilimutan ang mga paniniwala. Bagkus, kailangang tanggapin ang kabuuan ng Islâm; tanggapin ang *'Aqîdah*, ang mga pamantayan, ang pagsamba, ang *Jihâd*, ang pampamayanang kalagayan, ang pampulitika, ang pang-ekonomiya at ang lahat sa kabuuan. Tanggapin itong lahat, katulad ng sinabi ng Allâh – ang Ganap:

O kayong nananampalataya! Pumasok sa Islâm nang ganap sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng batas at patakaran ng Islâm, at

ng mga pinuno at pantas ng Islâm na sikaping gawin ang lahat ng paraan upang mapaalalahan at maakay ang mga Muslim at supilin ang pagsusumikap ng mga kalaban ng Islâm sa mga bagay na makapipigil dito. Sapagka't katiyakang ang *Ummah* ng Islâm ay isang *Ummah* na pinagkatiwalaan ng tungkulin upang itaguyod ang Relihiyong ito at ipaabot sa iba. Kapag tayo – mula sa iba't ibang pamayanang Islâm – ay nagtitikang bigyang-lakas ang ating mga anak ng tamang kaalaman at gayundin ng tamang pang-unawa sa ating Relihiyon sa kanilang murang edad, magkagayon hindi tayo kailanman matatakot sa ating mga kalaban, Insha'Allâh (pahintulutan nawa ng Allâh). Kaya hanggang patuloy na humahawak tayo sa Relihiyon ng Allâh, nagpupuri at sumasamba sa Kanya, sumusunod sa Kanyang mga Banal na Batas (*Shari'ah*) at lumalaban sa sinumang sumasalungat sa Kanya, katiyakang kabaligtaran ang lahat ng mangyayari. Silang mga kalaban ng Allâh ang siyang magkakaroon ng takot sa mga Muslim. Ang Allâh – ang Ganap, ay nagsabi:

O kayong nananampalataya. Kung inyong itataguyod ang landas ng Allâh, itataguyod kayo ng Allâh at patatagatin Niya ang inyong mga paa. (Sûrah Muhammad-47:7)

Ang Allâh – ang Makapangyarihan ay muling nagsabi:

Nguni't kung manatili kayong matiyaga at pag-ibayuhin ang takot sa Allâh, 'ni bahagya'y hindi makapipinsala sa inyo ang kanilang katusuhan. (Sûrah Al-'Imrân-3:120)

Marami pang ibang mga talata ang may katulad na kahulugan.

huwag sundin ang yapak ni Satanas, katiyakan siya sa inyo ay malinaw na kaaway. (Sûrah Al-Baqarah-2:208)

Sinabi ni Sheikh Ibn Taymiyah, *Rahimahullah*, sa *Majmoo Fataawaa* (3/421): "Kapag iniwan ng tao ang anumang bahagi ng kautusan mula sa Allâh para sa kanila, ito ay magiging dahilan ng pag-usbong ng galit at pagkasuklam sa pagitan nila."

Kaya ang pinakamahalagang bagay upang masupil ang ganitong pananalasa ay maghanda ng isang henerasyon na may sapat na kaalaman at pang-unawa sa kalagayan ng Islâm. Makakamtan lamang ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang patnubay na magsisimula sa kanilang tahanan at sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang paraan ng edukasyon upang mabuo ang pamayanan. Karagdagan dito ay ang tungkuling pamamatnubay na siyang nararapat gampanan ng mga inatasang mamuno, at ang kanilang tungkulin sa pagpapanatili sa pagpapatupad ng mga bagay na kapaki-pakinabang at ang walang-tigil nilang pagpapaalaala sa mga tao kung ano ang kabutihang maidudulot nito sa kanilang mga sarili at ang pagsasagawa nang kung anong mga gawain ang magkapaghatid ng tamang Islâmikong paniniwala (*'Aqîdah*) sa mamamayan.

Katotohanan, sa pag-aalaala sa Allâh ang puso ay nakasusumpong ng kapanatagan. (Sûrah Ar-Ra'd-13:28)

Walang pag-aalinlangan na ang pagpapabaya ay isa sa mga naging dahilan na nagpahintulot sa mga kaaway ng Islâm na makapasok sa lupain ng mga Muslim – kaakibat ng kanilang mapanirang ideolohiya na dahan-dahang naglalayo sa mga Muslim sa kanilang Relihiyon. Dahil dito, ang kasamaan ay lalaganap sa kanila at sila ay maaapektuhan ng maling ideolohiya mula sa kanilang mga kalaban. Ang Allâh – ang Kataas-taasan, ay nag-utos sa mga mananampalataya na maging mapagtimpi, ang manawagan sa pagtitimpi at magsikap tungo sa Kanyang Landas na ginagamit ang lahat ng pamamaraang nararapat pag-ibayuhin at ipamahagi sa bawa't kasapi ng pamayanan.

Ang Allâh – ang Makapangyarihan ay nagsabi:

O kayong mga mananampalataya! Magtiis sa kahirapang

dinaranas ninyo at maging higit na matiisin kaysa sa inyong mga kaaway, at manatili sa pook-bantayan upang sugpuin ang anumang pananalakay ng kaaway, at matakot sa Allâh upang kayo ay magtagumpay. (Sûrah Al-'Imrân -3:200)

Ang Allâh – ang Kataas-taasan ay muling nagsabi:

At yaong mga lubos na nagsisikap nang dahil sa Amin, katiyakang Aming gagabayan sila sa Aming mga Landas. Katotohanan, ang Allâh ay nasa mga Muhsinun (gumagawa ng kabutihan). (Sûrah Al-'Ankabût-29:69)

Dalangin ko sa Allâh sa pamamagitan ng Kanyang magandang mga Pangalan at kakaibang mga Katangian na Kanyang itanghal ang kalagayan ng mga Muslim at Kanyang ipagkaloob sa kanila ang malawak na pang-unawa sa kanilang Relihiyon, at panghawakan ang mga sinabi ng kanilang mga pinuno tungkol sa katotohanan at ituwid ang kanilang malalapit na tagapayo.

Nawa'y itampok at ipagkaloob ng Allâh ang walang hanggang pagpapala at kapayapaan sa ating pinuno na si Propeta Muhammad ﷺ at sa kanyang Pamilya, sa kanyang mga Kasamahan at mga tagasunod.

Ang Ikalawang Panayam

Mga Dahilan ng Ideolohiyang Pag-atake

Tanong: Sa inyong palagay, ano ang kahulugan ng Ideolohiyang Pag-atake (Al-Ghazwa Al-Fikree)?¹⁶

Sagot: Ang katawagang 'Ideolohiyang Pag-atake' ay isang bagong katawagan na tumutukoy sa mga gawaing ipinatutupad ng isang partikular na bansa upang sakupin o 'di kaya'y impluwensiyahan ang isang bansa nang sa gayo'y maakay ito tungo sa isang partikular na landas na ninanais ng bansang sumasalakay.

Ito ay higit na malubha kaysa sa digmaang militar, sapagka't ang layunin nito ay hindi lantad at naglalayong makamit ang mapanlinlang na adhikain nang dahan-dahan upang ang pamayanang nais sakupin ay hindi makahalata o 'di kaya'y makapaghanda upang pigilan o harangin ito. Sa gayong paraan, sila ay nagiging biktima nito. Ang karaniwang kinahihinatnan ng isang bansa dulot ng ganitong mga pagsalakay ay ang pagkakaroon ng malubhang sakit sa kanilang mga kaisipan at pandama, sapagka't minamahal nila kung ano ang nais ng kanilang mga kaaway at kinamumuhian ang nais nilang kamuhian. Ito'y isang malubhang sakit na umaatake sa mga nasyon, sapagka't inilalayo sila sa kanilang kaugalian at tinatangal ang kanilang pundasyon at lakas. Ang bansang tinamaan nito ay hindi man lamang nakararamdam kung ano ang dumating sa kanila, o kung ano ito! Kaya naman ang tamang lunas para rito ay sadyang mahirap isagawa at nagiging mahirap para sa isang inatakeng nasyon na unawain ang landas tungo sa kabutihan.

¹⁶ Mula sa *Majmoo' Fataawaa wa Maqaalaat Mutanawwi'ah* (3/438-446).

Ang ganitong labanan ay nagaganap sa pamamagitan ng mga kurso sa paaralan, pangkalahatang edukasyon, media, maliit o malaking mga paglalathala at iba pang mga natatanging paraan. Sa pamamagitan nito, ang kanilang mga kalaban ay umaasang ilayo ang pamayanan sa kanyang pananampalataya tungo sa pagtanggap at pagtangi sa mga kaisipan at gawaing nais ipunla ng sumasalakay na bansa. Ating hilingin sa Allâh ang kaligtasan at proteksyon laban dito.

Sino ang Pinagtutuunan ng Ganitong Uri ng Pag-atake?

Tanong: Ang mga Arabo ba sa kabuuan ay pinagtutuunan ng ganitong uri ng digmaan, partikular na ang kaharian ng Saudi Arabia?

Sagot: Oo! Sapagka't ang mga Muslim sa kabuuan, kasama na ang mga Arabo, ang kaharian, at iba pa, silang lahat ay sakop ng pag-atakeng ito mula sa iba't ibang bansa o pamayanan ng mga di-mananampalataya (*kufir*) mula sa silangan na umabot na sa kanluran. Ang pinakamalubha sa mga pagsalakay na ito ay ang mga sumusunod:

Ang pag-atake ng mga krusada ng Kristiyano.
Ang pag-atake ng Zionista
Ang pag-atake ng kumunista at ng mga ateista.

Ang pag-atake ng mga Kristiyano sa kasalukuyan ay nasa kanilang kalakasan. Magmula nang nagwagi si Salaahud-Deen Al-Ayyoobee laban sa mga krusadang Kristiyano sa lupain ng mga Muslim, sa pamamagitan ng kanilang lakas at mga sandata, napag-alaman ng mga Kristiyano na bagama't sila ay nagkamit ng ilang tagumpay, ang tagumpay na ito ay pansamantala lamang at di-nagtagal. Kaya sila ay nagsimulang mag-isip ng ibang mapagpipiliang paraan na mas higit na mapaminsala. Makalipas ang maraming pag-aaral at pagtitipon, nakabuo sila

ng mapanganib at mapaminsalang paraan ng pakikipaglaban kaysa sa digmaang pangmilitar, kung saan ang mga bansang Kristiyano, mag-isa man o magkakasama ay kailangang magsagawa ng pag-atake sa ideolohiya ng mga Muslim na nagsisimula pa lamang sumibol at umunlad. Sapagka't ang pananakop sa puso at isipan ng tao ay higit na mananatili kaysa sa pananakop sa kanilang mga lupain! Yaong mga Muslim na hindi nalason at nasira ang kaisipan ay hindi kayang tanggapin na makitang ang mga di-mananampalataya ang may hawak ng pamumuno na nag-uutos at nagbabawal sa kanilang sariling bansa. Kaya naman sinisikap ng mga ganitong uri ng Muslim sa abot ng kanilang makakaya na itakwil at ilayo sila, kahit pa ialay nila ang kanilang sariling buhay o kaya ang kanilang pinakanatatanging ari-arian para sa layuning ito, at ito ang naganap pagkaraan ng unang pananakop ng mga krusada.

Hinggil sa isang Muslim na hinayaan niyang ibilad ang sarili sa ganitong uri ng maruming pag-atake, siya ay nagkaroon ng sakit sa kaisipan at nasanay sa ganitong uri ng sakit. 'Ni hindi na niya alintana ang nakaambang panganib sa pananatili ng mga Kristiyano sa lupain ng mga Muslim. Katunayan, inakala pa niyang ang pananatili nila ang pinagmumulan ng kabutihan na nakatutulong at nakapagpapaunlad ng kanilang sibilisasyon.

Kaya't minabuti ng mga Kristiyanong gamitin sa mga Muslim ang pagsalakay sa kanilang kaisipan at kultura, bilang kapalit sa paggamit ng militar, sapagka't ito ay higit na mabisa at mananatili. Ano pa ang silbi ng pagpapadala ng mga sundalo at paggugol ng malaking halaga ng salapi, samantalang naroroon na sa anak ng mga Muslim ang maaaring gumawa ng kanilang minimithing pagsalakay, sinasadya man ito o hindi, may gantimpala man o wala! Ito ang dahilan kung bakit hindi nila pinili ang hayagang pakikipaglaban sa mga Muslim sa pamamagitan ng mga sandata at armas, maliban lamang sa ilang mga pagkakataon na kinakailangan nilang gawin ito. Minabuti nila ito bilang isang mabuting paraan na kung saan ang bilis sa

pagpapatupad ay kanilang hinahangad, katulad ng mga naganap sa Uganda at Pakistan. O kung saang bansang kinakailangang patatagin ang kanilang pagsalakay, magtayo ng mga tanggapan, mga himpilang militar na gumagawa ng mapanirang ideolohiya na kanilang isinusulong katulad ng naganap sa Egypt, Syria, Iraq at ibang mga bansa bago sila sapilitang napaalis.

Ang digmaang *Zionista* ay katulad lamang ng mga naunang tinalakay. Ang mga Hudyo ay nagsisikap na lasunin ang mga paniniwala, moralidad at pag-uugali ng mga Muslim sa abot ng kanilang makakaya. Ang tunay na balak at hangarin ng mga Hudyo ay ang kamkamin at sakupin ang mga lupain ng Muslim at ang mga lupain ng iba. Naisakatuparan na nila ang ilan sa kanilang mga plano at nagpapatuloy sa kanilang pagsisikap upang maipatupad ang mga nalalabing adhikain. Bagaman sila ay nakipaglaban sa mga Muslim sa pamamagitan ng labanan ng lakas at armas at nasakop nila ang ilang lupain, nakipaglaban din sila sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mapanirang pangkaisipan, paniniwala at ideolohiya. Katulad halimbawa ng *Freemasonry*, *Qadiaanismo*, *Bahaismo*, *Teejaanismo* at iba pa na naghangad ng tulong mula sa mga Kristiyano at iba pang pangkat upang magtagumpay sa kanilang mga layunin.¹⁷

¹⁷ Nararapat lamang na talakayin dito ang ilang mga paratang na patuloy na iniaakibat laban sa Sheikh, *Rahimatullah*, hinggil sa kanyang hatol (*fatwaa*) tungkol sa kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng mga Hudyo, bagaman ito ay unang inilathala sa pahayagang *Al-Muslimoon* noong ika-21 ng *Rajab* 1415H, ang ilang maling konsepto tungkol dito ay patuloy pa ring ikinakalat. Kabilang sa kanilang mga paratang laban sa Sheikh ay ang mga sumusunod:

1. Ang Hatol (*Fatwaa*) ay nagpapahiwatig na kailangang magkaroon ng pagmamahalan at pagkakaibigan sa pagitan ng mga Muslim at Hudyo.
2. Ito ay nagpapahiwatig na ang Palestine ay kailangang manatili nang tuluyan sa kamay ng mga hudyo.
3. Ito ay nagpapahiwatig na ang programa sa pag-aaral sa mga lupain ng mga Muslim ay kailangang baguhin upang hindi masaktan at magalit ang mga Hudyo.
4. Ito ay nag-uutos na ang lahat ng pamayanang Muslim ay kinakailangang sumunod sa kasunduan.

-
5. Ito ay nagsasabi na ang kasunduang pangkapayapaan ay kinakailangang permanente at walang hangganan.

Ang mga sumusunod ay hango mula sa ginawang paglilinaw ng Sheikh dalawang buwan pagkaaraan ng naunang *Fatwa*, kung saan inilathala ito sa lathalaing *At-Tawhid* (vol.23; bilang 10)

"Ang kasunduang pangkapayapaan sa mga Hudyo ay hindi nagpapahiwatig ng pagkakaroon ng pagmamahal sa kanila o pagkuha sa kanila bilang mga kaibigan at mga kaanib, bagkus ito ay nangangahulugan lamang ng pagkakaroon ng kapayapaan sa pagitan ng dalawang panig at upang hindi sila makapanakit sa isa't isa. Gayundin naman sa ibang bagay katulad halimbawa ng pakikipagpalitan ng kalakal, pagtatalaga ng mga embahador, at iba pang pakikipag-ugnayan na hindi nagpapakita ng pagmamahal sa mga di-mananampalataya o kaya'y pagturing sa kanila bilang mga kaibigan at kaanib. Ang Propeta ﷺ ay nagtaguyod ng isang kasunduang pangkapayapaan sa mga mamamayan ng Makkah, at iyon ay hindi nangahulugan na kanilang minahal at itinuring sila bilang mga kaibigan at kaanib. Bagkus ang pagkasuklam at pagkapoot ay nanatili sa pagitan nila hanggang ipahintulot ng Allâh ang pagsakop sa Makkah; at ang mga tao ay pumasok sa Relihiyon ng Allâh nang maramihan."

"Kaya ang lahat ng ito ay nagpapatunay na ang kasunduang pangkapayapaan at pansamantalang kapayapaan ay hindi nangangailangan ng pagmamahal, pakikipagkaibigan at pagmamalasakit sa mga kalaban ng Allâh. Sinumang magsabi ng taliwas hinggil dito ay sadyang kakaunti ang kaalaman tungkol sa alintuntunin ng *Shari'ah*. Kaya naman naging malinaw sa mga nagtatanong at sa iba na ang pakikipagkasundo sa mga Hudyo at sa mga di-mananampalataya ay hindi nangangahulugan ng pagpapalit ng ating kurikulum sa pag-aaral dahil sa taglay nitong pagmamahal at pakikipagkaibigan sa kanila. Tanging ang Allâh lamang ang nagkakaloob ng tagumpay."

"Ang kapayapaan sa pagitan ng mga pinunong Muslim ng Palestine at ng mga Hudyo ay hindi nangangahulugan na ang mga Hudyo ay mananatiling magmamay-ari sa mga lupaing kanilang nasakop sa kasalukuyan. Bagkus, ito ay nangangahulugan lamang na sila ang pansamantalang nagmamay-ari nito sa ilang panahon, o hanggang sa matapos ang kasunduang pangkapayapaan, o hanggang sa panahong ang mga Muslim ay magkaroon ng sapat na lakas upang paalisin sila mula sa lupain ng mga Muslim. Gayundin, kung tayo ay may kakayahan, kinakailangang labanan ang mga Hudyo hanggang sila ay pumasok sa Islâm, o hanggang sa sila'y magbigay ng *Jizyah* (ang bayaring

itinakda sa mga hindi Muslim na pinahintulatang manirahan sa ilalim ng pangangalaga ng pamayanang Muslim)."

"Ang kapayapaan sa pagitan ng *Palestinian Liberation Organization* at ng mga Hudyo ay walang kinalaman sa katayuan ng ibang mga bansa, katulad ng nais ipakahulugan ng nagtanong. Bagkus, ang bawa't bansa ay tinitingnan kung ano ang makabubuti. Kaya kung ito'y nakitang makatutulong sa mga Muslim sa kanilang lupain upang magkaroon ng kapayapaan sa mga Hudyo at magkaroon ng pagpapalitan ng mga embahador at magkaroon ng kalakalan sa pagitan nila sa mga negosyong pinahihintulatan ng *Shari'ah* ng Allâh. Magkagayon, ito ay mabuti at katanggap-tanggap. Subali't kung ang nakikitang kabutihan para rito at sa mga tao ay ang pagtigil ng kasunduan sa mga Hudyo, magkagayon dapat itong isagawa katulad ng inuutos ng *Shari'ah* dahil ang pakinabang ay kinakailangan.

"Kaya ganito ang nararapat gawin kapag ang isa ay walang kakayahang makipaglaban sa mga di-mananampalataya o magpatupad sa kanila ng pagbibigay ng *Jizyah* – kung sila ay mula sa Angkan ng mga Kasulatan (*Ahlul-Kitâb*). Subali't, kapag ang isa ay may kakayahang magtaguyod ng *Jihâd* laban sa kanila, magkagayon, kailangan silang tawagin para pumasok sa Islâm, o makipaglaban, o pagbayarin ng *Jizyah* kung sila ay kabilang sa kanilang nasasakupan. Kaya sa ganitong kalagayan, hindi pinahihintulatan na maghangad ng kapayapaan sa kanila, o iwanan ang pakikipaglaban, o ang *Jizyah*. Bagkus, ang paghahangad ng kapayapaan ay pinahihintulatan kung kinakailangan o nararapat, kung wala kayong kakayahang makipaglaban sa kanila, o kaya'y walang kakayahang ipatupad ang *Jizyah* sa kanila."

Ang panghuling punto: Ang Sheikh ay nagbigay ng ganitong *Fatwaa* sa paghahangad na mapangalagaan ang Relihiyon, buhay at ari-arian ng mga Muslim sa pinakamahusay na posibleng paraan habang isinasaalang-alang ang mga bagay na nagaganap sa naturang rehiyon, gayundin ang mga pakinabang at pinsalang maaaring mangyari. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi isang *Hadith* na iniulat ni Al-Bukhari (13/318) at ni Muslim (bilang 1716):

"Kapag ang isang hukom ay nagbigay ng hatol matapos niyang gawin ang lahat ng kanyang makakaya upang makapagpasiya ng wasto at siya ay tama, siya ay makatatanggap ng dawalang biyaya; at kapag siya ay nagbigay ng hatol matapos niyang gawin ang lahat ng kanyang makakaya upang makapagpasiya ng wasto at siya ay mali, siya ay makatatanggap ng isang biyaya."

Tungkol naman sa digmaang kumunista at atiesta, ito ay mabilis na lumaganap katulad ng isang napakalaking sunog sa lupain ng mga Muslim.¹⁸ Ito ay nangyari bunga ng pagkakaroon ng kahungkagan, kahinaan sa pananampalataya ng maraming tao, laganap na kamangmangan at kawalan ng tamang kaalaman sa Islâm. Ang partidong kumunistang nagmula sa Russia at Tsina, at iba pa ay nagawang bitagin ang bawa't nayayamot at yaong may mga masamang hangarin, udyok ng mga taong may mahinang pananampalataya o maaaring ang mga taong wala kahit na katiting na pananampalataya! Pinili nila ang ganitong mga uri ng tao bilang mga kasangkapan upang ikalat ang kanilang masamang ideolohiya hinggil sa kawalan ng diyos at paniniwala sa kumunismo. Nalinlang nila ang mga taong ito sa pangakong pagkakalooban ng mataas na katayuan at tungkulin. Sa pamamagitan nila, kanilang sinira ang *Ummah* ng mga Muslim sapagka't sila ay ginawang mga hukbo ni Satanas. Sila ay tinulungan ng mga Kristiyano at Hudyo sa mga bagay na ito, na kung minsan ay tumutulong sa kanilang paghahanda at pagkaminsa'y naghahandog ng ibang uri ng tulong at suporta. Kahit mayroon man silang di-pagkakasundo sa pagitan nila, magkagayunma'y nagkakaisa pa rin sila at nagtutulong-tulong laban sa mga Muslim. Itinuturing nilang ang kanilang mahigpit na kaaway ay mga Muslim, kaya ito ang dahilan kung bakit nakikita nating bawa't isa sa kanila ay nagtutulongan at nagsasanib ng lakas laban sa ating mga Muslim. Ang tulong ng Allâh ang kailangan natin. At Siya ay sapat na sa atin at Siya ang pinakamahusay sa mga Tagapangalaga.

Kaya inaasahan na kung anuman ang mga nabanggit mula sa mga sinabi ng Sheikh ay sapat na bilang paglilinaw sa anumang mga maling pang-unawa at paratang. Kaya hinihiling natin sa mga makatarungang mambabasa na sana'y kanilang isaalang-alang ito.

¹⁸ Ito ang kalagayan sa panahon na ang mga katanungang ito ay ipinaabot sa Sheikh, noong 1404H, labing limang taon na ang nakararaan.

Ang Pamamaraan ng Ganitong Uri ng Pag-atake

Tanong: Ano ang mga paraang ginamit ng Taga-kanluran upang ipalaganap ang kanilang mga paniniwala at kaisipan?

Sagot: Ang mga paraang ginamit ng Taga-kanluran upang ipalaganap ang kanilang mga paniniwala at kaisipan ay sadyang napakarami, kabilang dito ang mga sumusunod:

1. Sinisikap nilang sakupin ang kaisipan ng mga batang Muslim. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pagpapasok sa kanilang isipan ng mga kanluraning pag-uugali at konsepto upang sila ay maniwala na ang pinakamahusay na panuntunan sa lahat ng bagay ay yaong nagmula sa kanluran – maging ito man ay tungkol sa relihiyon o sektang kanilang pinaniniwalaan, o may kaugnayan sa wika na kanilang ginagamit o kaya'y kaugalian, kultura at pagpapahalaga na ginagamit nilang palamuti sa kanilang mga sarili.
2. Ang pangangalaga sa malaking pangkat ng mga batang Muslim sa bawa't bansa, ang paraan ng pag-aaruga sa kanila na kapag kanilang tinanggap ang kanluraning kaisipan sila ay nagbabalik sa kanilang pinagmulang mga bansa nang may paghanga at paggalang mula sa mga taong ito. At pagkatapos, sila ay nagkakaroon ng mataas na katungkulan at kapangyarihan sa kanilang pinagmulang bansa at sa pamamagitan nito ay kanilang sinisimulang ipalaganap ang kanluraning ideolohiya na kanilang natutunan. Nagtatayo sila ng mga tanggapan sa pag-aaral na umaayon sa kanluraning kurikulum at ang iba nama'y tuwiran nang nabighani ng makamundong alindog na taglay nito.
3. Ang kanilang aktibong pagtataguyod ng mga wikang nagmula sa kanluran tungo sa mga lupain ng mga Muslim at kanilang inihahanay at ipinangtatapat sa salita ng mga Muslim, lalo na sa wikang Arabik. Kung saan ito ang

wikang ginamit sa pagkapahayag ng Banal na Qur'ân. Ang wikang ginagamit sa pagsamba ng mga Muslim sa kanilang Panginoon; sa pagdarasal, sa mga ritwal ng *Hajj*, sa kanilang mga panalangin at pagluwalhati sa Allâh at iba pa. Kanilang ipinagpatuloy ang kanilang panghihikayat tungo sa isang mapanirang propaganda upang labanan ang paggamit at pag-aaral ng wikang Arabik upang pahinain ang kahalagahan nito sa lupain ng mga Muslim. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pagsasaayos ng maraming pag-aaral sa wikang Ingles na naglalayong bumuo ng panitikan upang wasakin ang kultura at paniniwala ng mga Muslim. Gayundin, itinataguyod nila ang paglalagay ng iba't ibang uri ng literatura katulad ng mga alamat at mga talakayan na may kinalaman sa pambansang kultura.

4. Ang pagtatayo ng mga unibersidad at mga paaralang misyonaryo sa mga bansang Muslim at ang pagpapasimula ng mga kindergarten at laro-aralan, mga ospital at klinika na nagsisilbing tahanan ng kanilang masasamang layunin. Hinihikayat nila ang mga nasa mataas na antas ng lipunan na mag-aral sa kanila at pagkatapos ay tinutulungan nilang magkaroon ng mataas na katungkulan sa pamunuan hanggang sa sila ay maging katulong ng kanilang mga guro upang ipatupad ang kanilang mga plano at balak sa lupain ng mga Muslim.
5. Ang pagsisikap na pangasiwaan ang kurikulum ng pag-aaral sa mga lupain ng mga Muslim upang dito isagawa ang kanilang mithiing makapasok sa pulitika ng bansa, katulad ng naganap sa ilang bansang Muslim nang pamunuan ng mga paring Dunlop ang tungkulin doon, o maging sa dituwirang pamamaraan. At nang matupad na nila ang kanilang mga layunin, halos lahat ng mga nagtapos na mag-aaral sa paaralang Dunlop ay lumitaw bilang sandatang pambasag sa kanilang bansa at naging isa sa matinding sandata ng mga kaaway. Ang mga naturang mag-aaral ay

nagsikap na maimpluwesyahan ang kurikulum sa pag-aaral at pinalitan ito ng sekularismo. Isang ideolohiya na hindi tumutugma at nagtataglay ng pananampalataya (*Eemân*) sa Allâh at sa Kanyang Sugo, bagkus ito ay naging daan tungo sa landas ng ateismo, imoralidad at katiwalian.

6. Ang malaking bilang mula sa mga Hudyo at Kristiyano na nag-aral ng Islâm, salitang Arabik, nag-akda ng mga aklat at naging mga tagapagturo sa nabanggit na mga unibersidad, hanggang makalikha sila ng mga nakaliligalig na ideolohiya at pag-aalinlangan sa mga mag-aaral na Muslim – kung saan kanila itong ibinahagi sa kanilang tinuturuan at isinulat nila sa kanilang mga aklat. Naganap ito hanggang ang ilan sa mga aklat na ito ay gawing batayan ng mga manunulat at tagapagsaliksik sa ideolohiya o kasaysayan. Marami sa mga taong ito na siyang may kagagawan ng ganitong uri ng nakaliligalig na ideolohiya ay pawang mga Muslim na nagtapos sa kamay ng mga taong iyon. Ang pagpuri at paghanga ng mga nakapaligid sa kanila ang naging dahilan upang kanilang makamtan ito, gayundin ang pagkakaroon ng mga puwesto at katungkulan katulad ng mahalagang katayuan sa pagtuturo at pamumuno. Kaya kanilang ipinatutupad kung ano ang mga katiwaliang sinimulan ng kanilang mga guro at naisakatuparan nila kung ano ang hindi nagawa ng kanilang mga guro. Pinahintulutan ang mga bagay na ito sapagka't ang mga estudyanteng ito ay anak ng mga Muslim na nagmula sa kanilang lahi at ibinibilang ang kanilang mga sarili sa kanilang hanay na nagkapagsasalita ng kanilang sariling wika. Hingin natin ang tulong ng Allâh laban sa kanila.
7. Ang malaking bilang ng mga misyonaryo na patuloy na nananawagan sa Kristiyanismo ay nasa gitna na ngayon ng mga Muslim. Ang kanilang panawagan ay nakabatay sa maayos at pinag-aralang mga prinsipyo at ito ay may malaking saklaw at gumagamit ng daan-daang libong mga

kalalakihan at kababaihan. Malaking salapi ang kanilang inilalaan para sa ganitong uri ng gawain at sila ay tumatanggap ng maraming tulong upang mailunsad ang kanilang aktibidad sa mas higit na madaling paraan at upang alisin ang anumang balakid na maaaring humarang sa kanila.

Nais nilang pawiin ang Liwanag ng Relihiyon ng Allâh sa pamamagitan ng kanilang mga bibig, subali't gagawing ganap ng Allâh ang Kanyang Liwanag, kahit na kasuklaman ito ng mga di-mananampalataya. (Sûrah As-Saff-61:8)

Ang pagsusumikap ng mga misyonaryo ay nakaayos at nakatuon sa mga pangkaraniwang tao, samantalang ang mga *Orientalist* naman ay para sa mga matataas na uri ng tao na may mga pinag-aralan – katulad ng aking unang nabanggit. Ang mga misyonaryong ito ay nakararanas ng matinding hirap sa kanilang mga gawain sa mga bansang Aprika at sa malalayong pamayanan ng mga Muslim sa silangang bahagi ng Asya. Pagkaraan noon, kalimitan, nagsasagawa sila ng mga pagtitipon upang pag-aralang muli ang kanilang mga plano. At kanila itong sinusuring mabuti upang mapanatili ang maayos na pagpapatupad. Nagpulong sila sa mga bansang tulad ng Cairo noong 1906, sa Edinburgh noong 1910, sa Lucknow (India) noong 1911 at sa Jerusalem noong 1935, at patuloy sila sa mga pagtitipon, seminar at mga pagpupulong. Ating luwalhatiin ang Allâh, ang Nag-lisang nagmamay-ari ng mga kalangitan at kalupaan at sa Kanya tayo magbabalik.

8. Ang pagpapalaganap ng katiwalian sa mga pamayanang Muslim at ang pagmamaliit sa kalagayan ng kababaihan hinggil sa kanilang mga tungkulin sa buhay. Hinuhubog sila upang sumuway sa hangganang itinakda ng Allâh para sa kanila, na nagiging sanhi upang siya ay masiyahan sa pag-

iwas sa Tamang Landas. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng mga propaganda sa mga Muslim sa iba't ibang paraan at istilo. At ang mga kababaihan ay hinihikayat na maging malaya sa pakikisalamuha sa mga kalalakihan at nang sa gayon ang mga kababaihan ay mahikayat na magtrabaho sa lugar ng mga kalalakihan. Sa pamamagitan nito, ninanais nilang sirain ang pamayanang Muslim at wakasan ang kalinisan at kadalisayan na dating matatagpuan sa kanila. Karagdagan pa rito, nagdadala sila ng mga usaping kathang-isip lamang at maling propaganda na nagsasabing ginigipit ng Islâm ang mga kababaihan, na ang mga babaing Muslim ay salat sa kalayaan. Nais nilang ilayo siya sa kanyang tahanan at ilagay siya saan man nila naisin, bagaman ang limitasyong itinalaga ng Allâh ay napakalinaw katulad ng Kanyang mga kautusan tungkol sa bagay na ito at sa *Sunnah* ng Kanyang Sugo ﷺ. Ang Allâh – ang Kataas-taasan ay nagsabi:

O Propeta! Sabihin mo sa iyong mga asawa at mga anak at sa mga mananampalatayang kababaihan na ilagay ang kanilang talukbong sa kanilang buong Juyubihinna (katawan, mukha, leeg, alindog, atbp.), (Itagong mabuti ang kanilang mga alindog maliban ang kanilang mga mata upang makita ang daraanan). Ito ay higit na mainam, upang sila'y makilala bilang mga kagalang-galang na mga kababaihan, at upang hindi gambalain. At ang Allâh ay lubos na Mapagpatawad, ang lubos na Mahabagin. (Sûrah Al-Ahzab-33:59)

Ang Allâh – ang Kataas-taasan ay muling nagsabi:

...at ilagay ang kanilang talukbong sa kanilang buong Juyubihinna (katawan, mukha, leeg, alindog, atbp.), at huwag ipakita ang kanilang alindog at kagandahan maliban sa kanilang asawa, o sa kanilang mga magulang,

sa tatay ng kanilang asawa, o sa kanilang mga anak, o sa mga anak ng kanilang asawa... (Sûrah An-Nûr -24:31)

Ang Allâh – ang Kataas-taasan ay nagsabi:

At kapag tatanungin ninyo sila ng anumang bagay, tanungin sila sa likod ng tabing, iyon ay nagpapadalisay ng inyong mga puso at kanilang mga puso... (Sûrah Al-Ahzâb-33:53)

Ang Allâh – ang Kataas-taasan ay nagsabi:

At manatili sa inyong mga tahanan, at huwag itanghal ang inyong mga sarili katulad ng pagtatanghal noong unang panahon ng kamangmangan...(Sûrah Al- Ahzâb -33:33)

Ang Sugo ﷻ ay nagsabi:

"Iwasan ang pagpasok sa pangkat ng kababaihan", isang lalaking taga-Ansâr ang nagsabi: O Sugo ﷻ ng Allâh, ano naman ang tungkol sa mga bayaw at mga lalaking kamag-anak? Siya ay sumagot: "Ang mga bayaw at mga kamag-anak na lalaki ay kamatayan!"¹⁹

Siya ﷻ ay muling nagsabi:

"Ang isang lalaki ay hindi nag-iisa kapag kasama ng isang babae, maliban sa ang ikatlo sa kanila ay si Shaitan."²⁰

¹⁹ Iniulat ni Bukhari (9/289) at Muslim (bilang 2172) mula kay 'Uqbah ibn 'Aamir, *Radiallaahu 'anhu*.

²⁰ Iniulat ni At-Tirmidhi (bilang 1181) at ni Ibn Hibbaan (bilang 282) mula kay Jaabir *Radiallaahu 'anhu*. Ito ay mapananaligan (*Saheeh*) ayon kay Al Albaanee sa *As-Saheehah* (bilang 430).

9. Ang pagpapatayo ng mga simbahan at templo sa mga lupain ng mga Muslim at ang paggugol ng malaking halaga ng kayamanan para sa kanila; pinagaganda ang mga ito, ginagawa nila itong kapuna-puna at kapansin-pansin at itinatayo ang mga ito sa malawak at napakainam na mga lugar.

10. Ang mga himpilan ng radyo ay itinatayo upang manawagan sa Kristiyanismo at Kumunismo at ikinakalat ang kanilang mga maling prinsipyo. Nais nilang iligaw sa pamamagitan ng mga maling ideya ang mga anak ng mga inosente at walang kamalayang mga Muslim na hindi man lamang nakauunawa o nakatanggap ng sapat na kaalaman tungkol sa Islâm. Ito ang naging kalagayan, isang halimbawa sa bansang Aprika kung saan ang mga Bibliya ay inilathala at ipinamahagi sa mga hotel at iba pa. Nagpapadala rin sila ng mga misyonaryo at ibang mga lathalain na naglalaman ng kasinungalingan para sa mga anak ng Muslim.

Ito ang ilang mga paraang ginagamit ng mga kaaway ng Islâm sa kasalukuyan mula sa silangan hanggang sa kanluran. Sa kanilang di-lantad na pakikipagdigmaan laban sa kaisipan ng mga Muslim upang wakasan ang tama at makatotohanang kaisipan. Upang palitan (ng mga kasinungalingan) ng mga banyagang ideya, maging Taga-silangan o Taga-kanluran.

O butihing mambabasa! Katulad ng inyong natunghayan, ang mga pamamaraang ito ay nagtataglay ng matinding pagsisikap, malaking halaga ng salapi at maraming bilang ng mga sundalo. Ang lahat ng ito ay ginawa upang ilayo ang mga Muslim sa Islâm kahit na hindi man sila tuluyang yumakap sa Kristiyanismo, Hudaismo o Sosyalismo. Sa kadahilanang ang kanilang pangunahing layunin kung kaya nila isinasagawa ito ay upang ilayo ang mga Muslim sa Islâm, na kapag ang

larangang ito ay natupad, ang anumang pampaligaw na susunod ay higit na madaling isagawa.

Gayunpaman, sa kabila ng lahat ng ito, ating sinasabi na bibiguin sila ng Allâh sa kanilang mga inaasam at ipawawalang saysay ang láhat ng kanilang masasamang balak. Sila ay hindi magtatagumpay kung ang mga Muslim ay tapat sa kanilang pakikipaglaban sa kanila at laging handa sa kanilang mga plano, masunurin at matuwid sa kanilang Relihiyon. Ang Allâh ay nagsabi:

At kung kayo ay mapagtimpi at may Taqwa (sa pamamagitan ng pagsunod sa ipinag-utos at pag-iwas sa ipinagbawal), walang anuman sa kanilang pakana ang makararating sa inyo. (Sûrah Al-'Imrân -3:120)

Sa kadahilanang sila ang tagapagpalaganap ng katiwalian, hindi ipagkakaloob ng Allâh ang tagumpay sa kanila. Bagkus, ang Allâh – ang Kataas-taasan ay nagsabi:

Sila'y nagbabalak, at ang Allâh ay nagbabalak din, at ang Allâh ang pinakamahusay sa mga nagbabalak... (Sûrah Al- Anfâl -8:30)

Ang Allâh – ang Ganap ay nagsabi:

Katotohanang sila ay nagbabalak ng isang pakana (laban sa iyo O Muhammad), subali't Ako ay nagbabalak din ng isang balakin, kaya bigyan ng kaunting palugit na panahon ang mga di-mananampalataya, at makitungo sa kanila nang pansamantala. (Sûrah At-Târiq-86:15-17)

Ang Allâh – ang Makapangyarihan ay nagsabi:

O kayong mga mananampalataya! Kung inyong tutulungan ang Allâh, tutulungan kayo ng Allâh at papatagin Niya ang inyong mga paa. (Sûrah Muhammad-47:7)²¹

Ang Allâh ay muling nagsabi:

...At katotohanang tutulungan ng Allâh yaong tumutulong sa Kanya (sa Kanyang Simulain). Katotohanan, ang Allâh ang Ganap na Malakas, ang Makapangyarihan. Sila na kapag binigyan Namin ng kapangyarihan sa kalupaan ay nagtataguyod ng Salaah (Pagdarasal), nagbibigay ng Zakat, nagpapatupad ng kabutihan at nagbabawal ng kasamaan. At sa Allâh nakasalalay ang katapusan ng lahat ng bagay na mangyayari sa mga nilikha. (Sûrah Al-Hajj-22:40-41)²²

²¹ Sinabi ni Imaam As-Sam'aanee habang ipinaliliwanag ang talatang ito sa kanyang Tafsir (5/170):

"Kung tutulungan mo ang Propeta ﷺ ng Allâh, o ang Relihiyon ng Allâh, ikaw ay tutulungan ng Allâh. At ang tulong (*Nusrah*) mula sa Allâh ay tumutukoy sa Kanyang pangangalaga at patnubay. Si Qataadah ay nagsabi: Sinumang tumulong sa Allâh, siya ay tutulungan ng Allâh; at sinumang humingi sa Allâh, Siya ay magkakaloob sa kanya. At sinabi na ang ibig sanihin nito ay: Tutulungan Niya kayo sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo ng tagumpay at pangigingibaw laban sa inyong mga kaaway."

²² Ayon sa puna ni Imaam Ash-Shanqeete sa *Adwaa'ul-IBayaan* (7/104-105) "Ang sinabi ng Allâh – ang Kataas-taasan: "Sila na kapag Aming binigyan ng kapangyarihan sa kalupaan"... may patunay na hindi matatamo ang ipinangakong tulong ng Allâh maliban sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *Salâh* (Pagdarasal), pagbabayad ng *Zakâh*, pagpapatupad ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan. Sila yaong mga itatalaga ng Allâh sa sanlibutan na kung saan patatagin Niya ang Kanyang Salita. Subali't, silang mga hindi nagdarasal, nagbabayad ng *Zakâh*, o hindi nagpapatupad ng kabutihan at nagbabawal ng kasamaan, magkagayon, walang ipinangako na sila ay tutulungan o pagkakalooban ng tagumpay ng Allâh. Sila'y hindi nabibilang sa Kanyang pangkat o sa Kanyang mga kaibigan na Kanyang pinangakuan ng tulong at tagumpay. Bagkus, sila'y nabibilang sa mga kaibigan ni Shaitan. Kaya kung sila'y umaasa sa tulong at katuparan sa mga pangako ng Allâh, ang katulad nila ay isang manggagawang tumangging isagawa ang trabahong iniutos sa kanya, subali't siya ay umaasa pa ring makakatanggap ng sahod. Magkagayon, sinuman ang katulad nito, siya ay isang taong walang pag-iisip!"

At marami pang mga talata na nagtataglay ng magkatulad na kahulugan.

Kaya naman, walang pag-aalinlangang ang mga bagay na kailangan ng mga Muslim ay ang magkaroon ng sapat na pang-unawa at pagmumuni-muni.²³ Kinakailangang magkaroon ng ilang mga pag-aaral upang mabatid kung ano ang nararapat hinggil sa pinakamainam na hakbang na gagawin at kung ano ang pinaka-akmang pananaw na dapat piliin. Kailangan, lagi silang maingat at may kamalayan upang maunawaan nila ang pakana ng kanilang mga kalaban at magkaroon ng mga aktibong programa upang sila ay biguin.²⁴ Ang lahat ng ito ay hindi

²³ Sa isang panayam na naitala sa Makkah, noong araw ng Biyernes, ika-16 ng *Dhul Hijja*, 1416H, si Sheikh Muhammad ibn Saalih Al-'Uthaymeen ay nagsabi:

"Sa katotohanan, ang pang-unawa sa kalagayan ng mga pangyayari (*Fiqhul-waaqi'*) ay isang mahalagang bagay at ang paghusga tungkol sa mga pangyayari ay hindi maaaring ihayag maliban lamang na may sapat na pang-unawa at kaalaman sa kasalukuyang pangyayari. Magkagayunman, kung isinasagawa ang pamamaraang ito, na *Fiqhul-waaqi'* (pang-unawa sa kalagayan ng mga pangyayari), kapalit naman ng pagpapabaya sa kahalagahan ng pang-unawa sa (*Fiqh*) Relihiyon, na kung saan ang Propeta ay nagsabi:

"Sinumang ninanais ng Allâh na pagkalooban ng kabutihan, ipinaunawa Niya sa kanya ang Relihiyon." (Iniulat ni Bukhari)

Samakatuwid, ito ay isang kamalian. Kaya ating panindigan na ang paglayo ng ating mga kabataan sa paghahanap ng kaalaman sa Relihiyon ng Allâh at ang pagpapalit nito ng *fiqhul-waaqi'* ay isang kamalian sa pamamaraan (*manhaj*), at hindi kamalian sa mga layunin. Ganoon pa man, nararapat mo pa ring malaman ang kaganapan, at ang tao ay hindi basta mahahango kung ano ang nagaganap sa *Ummah* at sa mga pakanang ginagawa laban sa kanila."

Dagdag pa ng Sheikh, *Radiallaahu 'anhu*, sa kanyang sinabi: "Tulad ng aking sinabi, kailangang may pang-unawa sa mga kasalukuyang pangyayari ang bawa't isa na ayon sa kanyang antas. Ang antas ng isang bata ay hindi katulad ng antas ng matanda, sapagka't ang kabataan ay maaaring maging mapusok at ang kanilang lakas at sigla ay maaaring mailalagay sa panganib. Subali't mayroong dapat pang-unawa sa sitwasyon. Ang kamalian dito ay inuuna ang *Fiqhul-waaqi'* kaysa pagkuha ng kaalaman hinggil sa Islâm; ito ang ipinakakahulugan dito. Kapag ibinaling ng mga kabataan ang sarili sa paghahanap ng kaalaman at natamo ang tungkol sa *Fiqh* sa Relihiyon ng Allâh – katulad ng pagpapaliwanag (*Tafsir*) sa Salita ng Allâh, sa *Hadith* ng Propeta ﷺ ng Allâh at ang pang-unawa sa sinabi ng mga pantas – magkagayon ito ay mabuti."

²⁴ Ang lahat ng ito ay mahalagang bahagi ng pagiging mapagmalasakit sa kalagayan ng mga Muslim, kung saan ang mga sumusunod na *Hadith* ay palagiang binabanggit: **"Sinuman ang walang malasakit sa kalagayan ng mga Muslim ay hindi nabibilang sa kanila."**

maisasakatuparan para sa kanila maliban sa pamamagitan lamang ng pagsunod sa Allâh, sa Kanyang patnubay, ang panunumbalik sa Kanya, ang wagas na pagsisisi sa Kanya at ang paghahangad ng Kanyang tulong. Karagdagan dito, lagi nating isa-isip ang Kanyang patnubay sa lahat ng bagay, lalung-lalo na tungkol sa pakikipag-ugnayan na dapat gawin ng mga tunay na mananampalataya sa mga di-mananampalataya, at nararapat na maunawaan natin ang kahulugan ng:

Sabihin: O mga di-mananampalataya! (Sûrah Al-Kâfirûn-109:1)

Ang Allâh – ang Kataas-taasan ay nagsabi:

Ito at ang iba pang mga *Hadith* na magkakatulad na pangungusap ay iniulat ni Al-Haakim (4/317) at At-Tabaraanee sa *As-Sagheer* (p.188) at iba pa. Gayunpaman, ang mga salaysay na ito ay mahihina (*da'eef*) o gawa-gawa lamang (*Mawdoo'*), katulad ng *Hadith* na nabanggit sa itaas. Ang detalyadong salaysay tungkol sa kahinaan ng mga ito ay inilad ni Sheikh Al-Albaanee sa *Ad-Da'ifah* (mga bilang; 309-312) Si Sheikh Ibn 'Uthaymeen, *Radiallaahu 'anhu* ay nagsabi sa *Sahwatul-Islâmiyah* (pp. 104-105; bilang 4), nang siya ay tanungin sa pagiging kapani-paniwala ng *Hadith* na nabanggit sa itaas:

"Ito ay nagmula sa mga *Hadith* na palasak sa mga tao. Subali't hindi ko alam kung ang mga pangungusap na ito ay tunay ngang nagmula sa Sugo ﷻ o hindi. Ganon pa man, ang kahulugan nito ay tama. Sa kadahilanang kapag ang isang tao ay walang malasakit sa kalagayan ng mga Muslim, siya sa katunayan ay may pagkukulang sa Islâm. Katotohanan, ang Sugo ﷻ ay nagsabi, kung saan ito ay mapananaligang sinabi niya:

"Ang isang halimbawa ng mga mananampalataya sa kanilang pagmamahalan, habag at pakikiramay sa isa't isa ay katulad ng isang katawan; kung ang isang bahagi ay may karamdaman, ang ibang bahagi nito ay dumaranas ng kawalan ng tulog at lagnat."

At sinabi rin niya:

"Ang mga mananampalataya sa isa't isa ay katulad ng isang gusali na ang baw't bahagi nito ay umaalalay sa isa't isa."

Hindi kailanman masisiyahan ang mga Hudyo at mga Kristiyano sa iyo hangga't hindi mo sundin ang uri ng kanilang pananapataya... (Sûrah Al-Baqarah-2:120)

At hindi sila titigil sa pakikipaglaban sa inyo, hangga't hindi nila kayo nailalayo sa inyong pananampalataya kung kaya nilang gawin ito... (Sûrah Al-Baqarah-2:217)

Hinihiling ko sa Allâh – ang Kataas-taasan, na Kanyang pagkalooban ng tamang patnubay ang pamayanang ito hinggil sa kanilang mga kalagayan. Nawa'y pagkalooban Niya ng pangangalaga ang *Ummah* laban sa mga pakana ng mga kalaban at Kanyang pagkalooban ang mga Muslim ng katatagan, gawin silang masunurin sa salita at sa gawa upang sila'y magkaroon ng lakas, kapangyarihan at dangal na siyang hinahangad ng Allâh para sa kanila. Katotohanan, Siya lamang ang Tanging nagtataglay ng ganitong kapangyarihan sa lahat ng bagay. Nawa'y itampok at pagkalooban ng Allâh ng pagpapala ang Kanyang Huling Propeta na si Propeta Muhammadﷺ, ang kanyang Pamilya, ang kanyang mga Kasamahan, at ang lahat ng sumusunod sa kanila. Ameen.

-oOo-

Para sa karagdagang impormasyon at kaalaman tungkol sa Islâm, mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod na tanggapan:

ISCAG – Philippines
Islâmic Studies, Call & Guidance of the Philippines
Congressional Road, Salitran-I
Dasmarinas, Cavite
Philippines
Telephone No. 0063-46-4163371
Fax No. 0063-46-5061451
www.iscag.com

IL&IO
Islâmic Library & Information Office
P.O.Main Box 52916
Stall-B, HL Commercial Building
Pandan Citicenter – Phase-I
Magalang Road, Angeles City
Philippines
Tel.No. 0063-45-8874577
Email: weblikislm@hotmail.com

*This book is edited by TT&ESS
Tagalog Translation & Editing Support Services*

الغزو الفكري

(باللغة الفلبينية أجالوج)

تأليف

سماحة الشيخ عبد العزيز بن عبد الله بن باز "رحمه الله"

ترجمة

محمد مندوزا

مراجعة

نورجيد ماجيد - عمر تارون

www.islamhouse.com

٢٠٠٧م - ١٤٢٨هـ

المكتب التعاوني للدعوة ووقاية الجاليات بالربوة

Islamic Propagation Office in Rabwah

P.O.Box 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065

FAX: 4970126 - E-Mail: rabwah@islamhouse.com

http://www.islamhouse.com